



Lunan, Gunita, Emosyon: Isang Deskriptibong Pag-aaral ukol sa mga Pilipinong Pamanang Bayan na Kinanlong ng Kabanwahang Lunan ng Musée du Louvre at American Museum of Natural History

Space, Memory, Emotion: A Descriptive Study on Filipino Cultural Heritage Housed in the Foreign Spaces of the Musée du Louvre and the American Museum of Natural History

Axle Christien J. Tugano

Departamento ng Wika, Kultura at Kasaysayan
Dalubhasaang Politekniko ng Lungsod ng Baliwag, Bulacan
acjtugano.ph@gmail.com

DOI: <https://doi.org/10.70922/2a7dr845>

[Submit to this journal](#) 

[Other related articles](#) 

[Announcements](#)

[Other PUP Journals](#) 

Other citation formats:

Article History:

Date received: July 23, 2025

Date accepted: February 11, 2026

How to Cite this paper:

Tugano, A. C. J. (2026). Lunan, Gunita, Emosyon: Isang Deskriptibong Pag-aaral ukol sa mga Pilipinong Pamanang Bayan na Kinanlong ng Kabanwahang Lunan ng Musée du Louvre at American Museum of Natural History. *Social Sciences and Development Review*, 18(1), pp. 89-152.

<https://doi.org/10.70922/2a7dr845>

Please contact the publisher for any further use of this work at
socialsciencesreview@pup.edu.ph.

Lunan, Gunita, Emosyon: Isang Deskriptibong Pag-aaral ukol sa mga Pilipinong Pamanang Bayan na Kinanlong ng Kabanwahang Lunan ng Musée du Louvre at American Museum of Natural History

Space, Memory, Emotion: A Descriptive Study on Filipino Cultural Heritage Housed in the Foreign Spaces of the Musée du Louvre and the American Museum of Natural History

Axle Christien J. Tugano

Departamento ng Wika, Kultura at Kasaysayan
Dalubhasaang Politekniko ng Lungsod ng Baliwag, Bulacan
acjtugano.ph@gmail.com

ABSTRAK

Sa pagpasok ng dantaon 21, isa sa katangiang mapapansin sa daloy ng ugnayang diplomasya at kultural ng mga bansa ay ang pagtindig at pakikilahok sa mga *cultural repatriation, restitution, at/o rematriation* sa anyo ng *international adjudication at civil litigation* o ang pagbawi sa mga pamanang bayan at/o artifakt na ipinuslit noon ng mga nangandayuhang Kanluranin sa dati nilang mga kolonya. Ang ebidensiya ng malawakang pagpupuslit ay karaniwang makikita sa mga naglalakihan at “pamosong” museo sa daigdig.

Nilalayon ng pag-aaral na ito na gamitin ang konsepto ng mga Pilipinong dalumat ukol sa pamanang bayan upang maunawaan ang ugnayan ng Pilipinas at ibayong dagat. Bilang bahagi ng metodolohiya, kinasangkapan ng may-akda, sa anyo ng *kontekstong kabanwahan*, ang kaniyang naging personal na paglalakbay sa mga museo sa Europa at malaon ay may pagsesentro sa Musée du Louvre (MDL) sa Paris, Pransiya at American Museum of Natural History (AMNH) sa New York City, Estados Unidos, bilang mga natatanging paksa at halimbawa ng nasabing pag-uugnay. Ang mga nasabing museo ay kinakitaan ng mga artifakt na mula mismo sa Pilipinas.

Ipinakikilala sa pag-aaral na ito ang tatlong salik na bumubuo sa pag-unawa ng pamanang bayan—kabanwahang lunan, gunita, at emosyon. Sa payak nitong layunin, itinuon ng pananaliksik ang paglalagat ng ilang kaso ng pagpupuslit sa mga Pilipinong artifakt na nasa ibayong dagat, gayundin, ang kinasapitang pagbawi at/o pagpapabawi sa mga ito sa anyo ng “diplomasya ng emosyon” gayong ang dapat na nangyayari ay ginugunita mismo ng mga Pilipino ang kaniyang mga pamanang bayan sa sarili nitong bayan. Heuristiko ang katangian ng pananaliksik sapagkat preliminario at preskriptibo pa lamang itong nagpapanukala na kailangang magkaroon

ang Pilipinas ng malawakang pagkilos sa pagbawi ng mga pamanang bayan nitong nagkanlong sa ibayong dagat.

mga susing salita: *kabanwahang lunan, pamanang bayan, museo, gunita, emosyon*

ABSTRACT

At the dawn of the 21st century, one notable feature in the flow of diplomatic and cultural relations among nations is the assertion and participation in cultural repatriation, restitution, and/or rematriation through international adjudication and civil litigation, or the recovery of national heritage and/or artifacts that were illicitly taken by foreign Western powers from their former colonies. Evidence of widespread illicit appropriation is typically found in prominent and “renowned” museums worldwide.

This study aims to employ Filipino conceptualizations of national heritage to understand the relationship between the Philippines and foreign countries. As part of its methodology, the author draws on a “local context” approach (*kontekstong kabanwahan*), reflecting personal visits to museums in Europe, with a particular focus on the Musée du Louvre (MDL) in Paris, France, and the American Museum of Natural History (AMNH) in New York City, United States of America, as distinctive case studies and examples of these connections. These museums house artifacts that originate from the Philippines.

The study introduces three factors that constitute the understanding of national heritage: space, memory, and emotion. In its straightforward aim, the research centers on presenting several cases of illicit appropriation of Philippine artifacts abroad, as well as their eventual recovery and/or restitution through what the study terms the “diplomacy of emotion,” although ideally, these national treasures should be remembered and honored by Filipinos within their own country.

The research is heuristic in nature, as it is preliminary and prescriptive, proposing that the Philippines should undertake a comprehensive effort to reclaim its national heritage currently held overseas.

keywords: *kabanwahang lunan, cultural heritage, museum, memory, emotions*

INTRODUKSIYON: PILIPINONG DALUMAT NG PAMANANG BAYAN

Sa tinuran ni Villan (2023), isa ang pamanang bayan, kasama ng ekspresibong kultura at sining bayan sa tatlong mahahalagang konsepto ng “aktibong kasangkapan sa pagpapanday ng damdamin at diwang Pilipino” (sinipi sa Peña, 2024). Matagal nang pinagyaman ang ganitong pag-alpas sa pag-aaral ng pamanang bayan na kung saan ang iba’t ibang kaalaman, ito man ay isang *kaalamang dalubhasa-pantas-paham; kaalamang karaniwan; at/o kaalamang bayan* (Navarro, 2008, p. 2) ay kinakailangan ng pag-igpaw (*transcendental*) at mapagpabago (*transformative*) (Villan, 2025). Matagal nang sinikil ang positibismo-empirisismong pananaw sa pag-aaral ng kasaysayan at lipunan nang hindi gaanong nakikita ang paglikha para sa kapangyarihang kultural sa pamamagitan ng mga imbensiyon, inobasyon, at ilang *creative industries* (Villan, 2025). Samakatuwid, kahit na isang pagpapanday ng kaalaman mula sa malayong nakaraan, kinakailangan pa rin ng isang pagtugon sa pangangailangan ng panahon. Ang katangian ay dapat *applied* o kakikitaan ng praktikal na gamit sa komunidad at hindi lamang nakatuon sa kinasanayang dokumentasyon at promosyon sa pamamagitan ng mga *knowledge production*.

Progresibo ang dalumat ni Villan (2017) sa kaniyang konsepto ng *panubliong bahandi* bagama’t sumentro sa kaisipan at kalinangang Kabisayaan, ito ay mailalapat at matutumbasan sa anomang pangkat-etniko at lipunan sa buong Pilipinas. Ang *panubliong bahandi* ay isang dalumat at/o tatak na tumutukoy sa mga “yamang sadyang inihanda, itinalaga, at inilaan ninoman nang ang sinoman ay nabubuhay pa na inaakala niyang pakikinabangan ng kasunod na salinlahi” at “natatanging batis ng kayamanan at anomang yamang nariryan na ipinagpapalagay ninomang may halaga sa lipunan” (Villan, 2017, pp. 294-295). Sa kabuoan, ang *panubliong bahandi* ay nakasalalay o kung hindi man, napag-uugnay ang *pagkabutang* (pagmamay-ari at kayamanan), *surundon* (paniniwala at pananagutan); at *pamatasan* (halagahin at kaasalan) (Villan, 2017, pp. 273, 281). Mahalaga ang pagdiin sa mga konseptong ito, sapagkat dito iinog ang daloy at/o tunguhin ng pananaliksik. Mula sa mga nabanggit, kulminasyon ito sa binuo ring konsepto ni Villan (2020) na salaysaying-bayan na kaniyang tinukoy bilang “pansambayanang naratibo, kuwento, at pahayag na inilakip, inihabi, at iginigiit sa naroon na, nakaimbak sa, at likas na nakahabi sa lahat ng anyo o uri ng ekspresibong kultura” (p. 250).

Katulad ng nabanggit, ang Kabisayaang hugpungan ng *panubliong bahandi* (Villan, 2017) at salaysaying-bayan (Villan, 2020) ay mailalapat din sa ibang lipunan dito sa Pilipinas. Bagama’t isinilang bilang Tagalog, pinalaki naman ako ng isang Inang may malalim na pagpapahalaga sa kultura at kasanayang Pangasinense. Maraming naituro ang aking Ina na mga *toñgtóñg* o *awáran* (kuwento) (Benton, 1971, pp. 122, 192) bilang bahagi ng mga *atawir* o naiwanan na kayamanan ng kaniyang mga ninuno. Siya rin ang dahilan kung bakit ako natuto at

nahilig sa pagkukumpuni at/o pagtatago ng mahahalagang gamit. Ito ay malaong magdadala sa akin sa pagtahak sa disiplina ng kasaysayan, pagmamahal sa kultura, at pagpunta sa mga makasaysayang lugar katulad ng museo. Tama ang wika ni Fajilan (2018) na aniya ay namamana ng anak ang estadong panlipunan ng mga magulang (p. 53). Ang ganitong ugnayan ng anak-at-Ina na may pagpapahalaga sa kultura ay isang halimbawa ng paliwanag ni Villan (2017) hinggil sa *subli* bilang “daluyan ng ugnayan sa pagitan ng mga ninuno (sa nakaraang buhay at pamumuhay) at ng mga *manunubli* (kasalukuyang buhay at pamumuhay)” (p. 283). Ang *subli* ay katumbas ng *pamana* ng Gitna at Katimogang Luzon; *tawid* (Kailokohan-Kordilyera); *kabilin* (Gitnang Kabisayaan at Kalakhang Kamindanawan); at *fusaka* (Kamindanawan at Kamorohan) (Villan, 2020, p. 247).

LAYUNIN AT ESTRUKTURA NG PAG-AARAL

Itutuon sa pananaliksik na ito ang ilang deskriptibong obserbasyon at pag-aaral sa mga pamanang bayan (artifakt) na personal kong nakita sa aking mga naging paglalakbay sa Musée du Louvre (MDL) sa Paris, Pransiya at American Museum of Natural History (AMNH) sa New York City, Estados Unidos. Kaya’t bilang pagpupunla ng panimulang pag-aaral, lakip nito ang mga primaryang layunin:

1. Deskriptibong mailahad ang ilang halimbawa ng mga pamanang bayan sa Pilipinas na makikita sa kabanwahang lunan ng Pransiya at Estados Unidos;
2. Maitampok ang ugnayan nito sa kabanwahang lunan, gunita at emosyong kultural ng mga Pilipino; at
3. Maipasok ang halaga nito sa kasalukuyang daloy ng imbensiyon at inobasyon ng kaalaman bilang produkto ng diplomasiyang kultural.

Ipinangkat sa apat na bahagi ang pananaliksik na ito. Una, ang paglalakbay bilang metodo ng pagsipat ng halagahin ng pamanang bayan. Ikalawa, ang panukalang balangkas sa pag-unawang ugnayan ng pamanang bayan, gunita, at emosyon sa lenteng kabanwahang lunan na nasa diwa ng *Araling Kabanwahan*. Ikatlo, ang pagtalakay sa deskriptibong nilalaman ng kaalamang bayang Pilipino na nakapaloob sa MDL at AMNH. Bahagyang inilakip sa bahaging ito ang pagtalakay sa mga museong narating sa Europa at ang mga proseso at kasaysayan ng pagpupuslit ng ilang Europeo sa mga pamanang bayan ng ibang lipunan. Panghuli, bilang sintesis, maaasahan sa sanaysay ang ilang kritikal na pagsusuri sa daloy ng mga pamanang bayan at museo lalo pa’t isa ang museolohiya (*museology*) at *heritage studies* sa mga umuusbong na interdisiplinaryong larang sa Pilipinas tungo sa imbensiyon at inobasyon ng kaalamang mag-uugnay at/o maglalapit sa diplomasyang kultural ng mga bansa-at-nasyon sa daigdig.

METODOLOHIYA: PAGLALAKBAY BILANG PAGSIPAT SA HALAGAHIN NG PAMANANG BAYAN

Bagama't hindi na bago ang ideya ng paglalakbay at iba pang plural na anyo nito, ngunit nagsisimula pa lamang ang pagpapayaman dito bilang isang metodo at teorya. Sa mga nakalipas na dekada, lumitaw ang dalumat ng *panayam sa pangingibang-bayan* (de Leon-Bolinao, 2003); *lakbay-aral* (Maminta & Nuñez, 2008); *lakbay Pilipino* (Ocampo, 2012); *lakbay-kabanwahan* (Elumbre & Navarro, 2019; Galang, 2023); *lakbay-salaysay* (Jose & Navarro, 2025); at ang pinagyayaman kong *Araling Pangmanlalakbay* (Tugano, 2022a; 2023a) na nasa diwa ng *Araling Kabanwahan* at malaon ay pinauunlad tungo sa makatarungang pagtingin sa paglalakbay na isinasaalang-alang ang likas-kayang pag-unlad (Tugano, 2023b). Isa itong kambal na pagpapahalaga sa paglalakbay at pangangalap ng mga organikong kaalaman na pakikinabangan ng pinagmulang bayan. Liban pa, pagbawi rin ito sa paglalakbay ng Kanluran na nangandayuhan sa Pilipinas at nagtala ukol sa kultura at pamumuhay ng mga katutubo—na kalimitang *state-sponsored* na uri ng paglalakbay ng mga dayuhan (Tugano, 2021a, pp. 358-359).

Sa maagang pagpupunla ng *Araling Pangmanlalakbay*, binigyan ito ng ilang komendasyon at kritisismo ng ilang iskolar (Villan, 2021; Yapan, 2023; Navarro, 2023; Santos, 2025a). Para kay Villan (2021), isa itong mainam na metodolohiya sa pagtalunton ng kasaysayan at organikong kaalaman:


...nauukol sa ginawang pagdalumat ng ugnayang panlabas ng Pilipinas sa larang ng panlipunang pakikipag-ugnayang di-saklaw ng pormal na relasyong estado-sa-estado. Ibig sabihin, ang tungkol sa malayang daloy ng tao na resulta ng ugnayan ng huli at itinuring ng may-akda bilang mainam na metodolohiya para sa pagtalunton ng kasaysayan ng dinayong pook at direktang pagkakataon para sa pananaliksik na sipatin ang kanilang organikong kultura. Binigyang-diin ng may-akda na sa ganitong pamamaraan, naging mahalaga ang personal na danas ng mananaliksik hindi lang para sa kaniyang tuwirang pagkatuto, kundi maging sa maibabahagi nitong kaalaman sa pinagmulan o tinubuang-bayan (pp. 12-13).

Habang kinilala nina Navarro (2023) na ang *Araling Pangmanlalakbay* ay sangay ng *lakbay-kabanwahan* (p. ii) at Yapan (2023) bilang “kapalit ng politikal na kategorya ng bansa (p. xxiii)” sa antas ng paglalakbay, ipinanukala naman ni Santos (2025a) na isa itong “Tatak-Pantayo” (*Pantayong Pananaw*) bunga ng lingguwistikong pagtuon, pagkokontra-diskurso bilang pagbubuo ng bagong larangan, paglalapat ng peryodisasyon, at pagkakasulat sa wikang F/Pilipino (pp. 193-195). Sa katunayan, ang mismong metodo ng paglalakbay ay akin ding namana sa mga gumamit ng organikong metodong nakasalig sa pagmamasid, pag-oobserba, at pagsusuruy-suroy sa mga bagay-bagay at dinarayong pook. Ito ay halos kamukha ng dalumat ni Dagli (2013) sa *pamamaybay o paglalakad-lakad* upang mapag-aralan ang isang pook—i.e. Bundok Banahaw at ang Bikolanong konsepto ng *paagi-agi* ni Pama (2014)

o isang metodong gumagamit sa *padaan-daan* at *paglakad-lakad* upang makakuha ng mga organikong kaalaman. Sa ngayon, nilalayon ng *Araling Pangmanlalakbay* na tingnan ang paglalakbay sa kabuoan bilang metodo at paksa na kakikitaan ng sosyo-kultural at politiko-ekonomikong aspekto, halimbawa ang likas-kayang pag-unlad (*sustainable development*) na tingnan ang paglalakbay hindi lamang bilang mapagpalayang gawain ngunit mapagpaginhawarin (Tugano, 2023b, pp. 54-58).

Diagram 1

Ang Paglalakbay bilang Metodo at Bahagi ng Araling Pilipino tungo sa Pangangalap ng mga Organikong Kaalaman Katulad ng mga Pamanang Bayan



(mula sa may-akda ngayong 2025)

Bilang paglalapat (diagram 1), hindi rin mahirap na makita ang halaga ng pamanang bayan ng mga Pilipino sa pamamagitan ng paglalakbay. Naipakita ko na ito sa ilang naunang pag-aaral (Tugano, 2021b; 2022b) na tumalakay sa museolohiya at mga museong aking narating at nalakbay sa Asya, Europa, Aprika, at Australia-Pasipiko. Naipakita rito ang halaga ng museo sa kambal na mukha ng pakikisangkot ng bayan at gampanin sa identidad sa pagpapalitaw ng katutubong tinig (*indigenous voices*) (Tugano, 2021b, pp. 141-143). Nabigyang-diin din ang naging obserbasyon sa suliranin ng ilang museo sa ibayong dagat, kalagayan ng mga artifakt, at ilang representasyon. Malaon ay ilalapat sa samot-saring isyu at haing solusyon sa mga museo sa Pilipinas na may pagtuon pa rin sa kritikal na obserbasyon sa mga artifakt, wika at pagkabansa ng mga museo, at *cultural literacy* at representasyon sa mga museo (Tugano, 2022b, pp. 115-132).

Kaya’t sa pagkakataong ito, ginamit muli ang paglalakbay sa kaso ng MDL at AMNH bilang metodo sa unang banda at ambag sa Araling Pilipino sa kabilang dako. Ang kambal na pagpapahalaga rito ay makatutulong sa pangangalap ng mga organikong kaalaman na hindi lamang deskriptibong ilalarawan ngunit sistematikong susuriin nang sa gayon ay maunawaan ang saysay ng pamanang bayan. Kung tutuosin, mas litaw pa nga ang ideya ng *kontekstong kabanwahan* sa pagtalakay at pagtatampok sa MDL at AMNH. Ayon kay Santos (2025b), ang *kontekstong kabanwahan* ay “paghahanap ng panlabas na ugnayan at konteksto ng mga panloob na mga kaganapan at tauhan sa kasaysayang Pilipino. Sa *kontekstong kabanwahan*, ang pinagtutuonan ng pansin ay hindi ang kaganapan o tauhang Pilipino sa sarili nito, bagkus

ay ang mga pangyayaring panlabas na pumapaligid dito. Sa kontekstong kabanwahan, nagsisilbing lunsaran ang mga pangyayari at tauhang Pilipino para sa pananaliksik sa mga ugnayan ng loob sa kontekstong panlabas (p. 56).” Samakatuwid, pinalalawig sa diwa ng kontekstong kabanwahan ang mga Pilipinong artifakt sa MDL at AMNH tungo sa masaklaw na pagtalakay sa kasaysayan ng sangkaPilipinohan tungkol sa pamanang kultural.

Hanayan 1

Mga Piling Museo at Aklatan sa Europa at Estados Unidos na Personal na Narating ng May-Akda noong 2018 hanggang 2024

Mga nabanggit na artifakt sa pag-aaral	Lokasyon	Taon ng Pagbisita at/o Pagdating	Nasilayan ng may-akda	Hindi nasilayan ng may-akda
1. sarcophagus ng Ehipto	Lisbon, Portugal	Disyembre 2018	✓	
2. pigurin at bangang Coptic	Lisbon, Portugal	Disyembre 2018	✓	
3. Temple of Debod	Madrid, España	Disyembre 2018	✓	
4. bladed weapons at headgear	Madrid, España	Disyembre 2018		✓ dahilan: sarado ang museo
5. aparador na gawa sa salamin at kahoy, shells, mga hinabing sombrero at basket	Madrid, España	Disyembre 2018		✓ dahilan: sarado ang museo
6. garing na Niño Jesus	Madrid, España	Disyembre 2018		✓ dahilan: sarado ang museo
7. Álbum Vistas de las Yslas Filipinas y Trages de Sus Abitantes ni Jose Honorato Lozano	Madrid, España	Disyembre 2018		✓ dahilan: sarado ang aklatan

Mga nabanggit na artifakt sa pag-aaral	Lokasyon	Taon ng Pagbisita at/o Pagdating	Nasilayan ng may-akda	Hindi nasilayan ng may-akda
8. eskulptura ni Isabelo Tampinco na nagwagi sa Exposición General de Filipinas	Madrid, España	Disyembre 2018		✓ dahilan: sarado ang aklatan
9. <i>Ambrosiana Manuscript</i>	Milan, Italya	Hunyo 2023		✓ dahilan: hindi aksesibol sa publiko
10. 1,400 na artifakt mula sa Pilipinas	Vienna, Austria	Hunyo 2023		✓ dahilan: sarado ang museo
11. <i>bul-ul</i>	Paris, France	Hunyo 2023	✓	
12. artifakt ng Hanunoo Mangyan	New York City, Estados Unidos	Hulyo 2024	✓	
13. artifakt ng Ifugao	New York City, Estados Unidos	Hulyo 2024	✓	
14. inladdang ng mga Ifugao	New York City, Estados Unidos	Hulyo 2024	✓	
15. kagamitan ng mga Bagobo	New York City, Estados Unidos	Hulyo 2024	✓	
16. kagamitan ng mga Bagobo na kinatalog nina Laura Watson Benedict at Lisa Whitall	New York City, Estados Unidos	Hulyo 2024		✓ dahilan: karamihan ay hindi aksesibol sa publiko

Liban sa mga artifakt na nakita at/o na obserbahan sa MDL at AMNH, mahalagang ilakip din sa pag-aaral na ito ang iba pang artifakt na nabanggit at/o nakita sa aking naging paglalakbay sa Europa mula taong 2018 hanggang 2023 (hanayan 1). Ito ay upang mabigyan ng konteksto ang pagpapatibay sa ideya ng malawakang pagpupuslit sa mga pamanang bayan tungo sa mga naglalakihan at “dakilang” museo ng Kanluran. Binanggit dito ang mga museo katulad ng

Museu Nacional de Arqueologia sa Lisbon, Portugal; Museo de America (Madrid, España); at Weltmuseum (Vienna, Austria). Gayundin ang mga aklatan katulad ng Biblioteca Nacional de España sa Madrid at Biblioteca Ambrosiana sa Milan, Italya. Gayumpaman, inaamin ng pag-aaral na ito ang potensiyal na pagkiling, limitasyon, at problemang kinaharap. Una, bagama't personal na aking narating ang ilang museo at aklatan, limitado lamang ang naging pananatili rito. Umasa ang pag-aaral sa mga inihaing kaalaman ng bawat museo katulad na lamang ng mga *museum label* o *object label* at kapsiyon ng bawat artifakt. Ikalawa, ilan sa mga museo at aklatang narating ay nakita at/o napagmasdan lamang. Hindi ito napasok dulot ng ilang sirkumtansiya katulad na lamang ng ilang museong nakasara ito sa panahon ng aking pagbisita—*i.e.* renobasyon at *holiday*. Gayumpaman, hindi rin masasabing “nabawasan” ang kredibilidad ng pag-aaral, dahil lamang sa hindi napasok at/o nasilayan ang loob ng museo at mga artifakt nito. Gumamit pa rin ang pag-aaral ng mga alternatibong babasahin katulad ng mga limbag na pananaliksik, komentaryo, websayt, etnograpikong pag-aaral at/o tala, at mga kaugnay, upang mailahad ang kaalamang kaugnay ng mga museong hindi ko personal na napasok at nakitaan ng mga artifakt. Sa hinaharap, maaaring balikan at mapagyaman ang nasabing puwang at limitasyon.


Panghuli, kung bakit Musée du Louvre sa Paris, Pransiya at American Museum of Natural History sa New York City, Estados Unidos ang itinampok sa pag-aaral na ito dahil tumupad ito sa tatlong pamantayan—(1) akin itong personal na narating noong 2023 at 2024; (2) aking nakita mismo ang mga artifakt mula sa Pilipinas na nagkakanlong sa loob ng mga nasabing museo; at (3) malinaw ang mga *museum label* o *object label* nang mga nasabing artifakt, sapat upang bigyan ng komprehensibong pagsusuri, pagpapalawig, at/o pag-uugnay.

PAMANANG BAYAN: KABANWAHANG LUNAN, GUNITA, AT EMOSYON

Maipaliliwanag ang saysay ng pamanang bayan sa pamamagitan ng tatlong elemento— kabanwahang lunan, gunita, at emosyon (diagram 2). Esensiyal ang lunan bilang pook-pinagmulan at/o pinaglulugaran ng mga pamanang bayan; ang gunita at kung paano ito inaalala at ipinamamana sa bawat henerasyon; at emosyon o kung paano pinakikiramdaman ang mga pamanang yaman.

Diagram 2

Pamanang bayan sa elemento ng kabanwahang lunan, gunita, at emosyon



(mula sa may-akda ngayong 2025)

1. Kabanwahang Lunan

Ang bawat pamanang bayan lalo na ang mga nahahawakang (*tangible*) kultura ay may kumakanlong na lunan. Matapos sipiin ni Villan (2017) ang *makabuluhang pamanang lunan* (dela Paz & Flores, 2014, pp. 167-169), isinakonteksto naman niya ang *puod* na tumutukoy sa “isang pook, lunan, at espasyong geograpiko at sosyo-politikal na kaayusan sa loob ng isang partikular na kapaligiran” (p. 295). Nakapook ang mga artifakt. Ibig sabihin, ito ay may pinagmulang lunan at kinasapitang lunan. Ang *pinagmulang lunan* ay tumutukoy sa isang lunan kung saan pinag-isipan, pinanday, nilikha, at/o hinabi ang isang pamanang bayan. Naging bahagi ito ng pamumuhay ng mga katutubo. Samantala, ang *kinasapitang lunan* ay tumutukoy naman sa isang partikular na lunan o kasalukuyang kinalalagyan ng mga pamanang bayan, ito man ay inilipat, ibinigay at/o iniregalo, ipinagbili, at ipinuslit. Gayumpaman, hindi ito maitutumbas sa “pinal na lunan” sapagkat maaari pang mabago ang kinalalagyan ng mga pamanang bayan sa anyo halimbawa ng mga negosasyong kultural at politikal.

Niremodipika ko ang *makabuluhang pamanang lunan* (dela Paz & Flores, 2014) at *puod* (Villan, 2017) tungo sa *kabanwahang lunan* upang maging posible sa pag-aaral ang pag-uugnay sa Pilipinas at ibayong dagat, halimbawa ng Pransiya at Estados Unidos. Ang remodipikasyong ito ay itinulak ng matagal ko nang ingklynasyon sa *Araling Kabanwahan* bilang pag-aaral sa mga kaugnay at/o pag-uugnay sa Pilipinas at ibang bayan at/o kabihasnan (Salazar, 2006; Navarro, 2012, 2015, 2021; Elumbre, 2015a, 2015b, 2020). Una itong ipinunla ni Salazar (2006) bilang isang “agham ng pakikipag-ugnay, pakikipagtalastasan sa mga bansa at ibang etnisidad sosyo-politikal... na ang gawain at kaligayahan ay pag-aralan ang mga bansa na batid kung alin ang mga kapwa-bansa... kompara sa mga di-kapwa o iba pa nga at mga bansa (Salazar, 2006 sinipi sa Navarro, 2021, p. 123).” Sa obserbasyon ni Santos (2022), may bahagyang kaibahan ang pananaw ni Salazar (2006) at Navarro (2021) hinggil sa *sarili*, *kaugnay*, at *iba*. Ani Navarro (2021):

Samantala, pinapakahulugan ko naman ang Araling Kabanwahan bilang pag-aaral, pagsusuri, at pag-unawa sa mga kapwa/kaugnay na bayan o kabihasnan at/o ibang bayan o kabihasnan sa loob ng talastasang Pilipino. Taliwas sa malinaw na *othering* o pag-iiba sa pinapaksang partikular na erya sa *Area Studies* at kaiba rin sa pakahulugan ni Salazar ng Araling Kabanwahan na may pag-iiba sa kapwa-bansa sa di-kapwa o ibang bansa, may pagkilala ang aking pagpapakahulugan na maaaring sabay na maging kapwa/kaugnay at iba ang isang bayan o kabihasnan (p. 124).

Para kay Navarro (2021), ang *kapwa/kaugnay* na bayan at/o kabihasnan ay isang pagpopook (paglulunan) ng sariling kabuoan sa mas malalawak na kabuoan samantalang ang *ibang bayan* o *ibang kabihasnan* ay pag-unawa sa ibang kabuoan para sa sariling kabuoan (p. 125). Samakatuwid, lumalapat dito ang posisyon ng aking pag-uugnay sa mga pamanang bayan (Pilipino at Pilipinas) na nagkanlong sa *ibang bayan* (Pransiya at Estados Unidos). Maraming pag-uugnay ang maaaring ilapat sa Pilipinas at Estados Unidos halimbawa sa kolonyalismo at iba pang ugnayang panlabas hanggang sa kasalukuyan. Nasalamin din ito sa ugnayang mayroon ang Pilipinas at Pransiya (dela Costa, 1963; Fernandez, 1991/2012; Reyes, 1991/2012). Ngunit maaaring isentro ang pag-uugnay na ito sa mga usaping labas sa estado-sa-estado at/o nasyon-sa-nasyon na pinagtuonang pansin sa mga nagdaang dekada ng teoretisasyon ng pag-aaral ng diplomasya, migrasyon, at ugnayang panlabas (Navarro, 2012, p. 4; 2021, pp. 121-122, 124). Kaya’t ito ang bentaha ng *Araling Kabanwahan* bilang *Araling Pang-erya* na mas tumuon sa implikasyon ng bayan at mamamayan (Navarro, 2015, pp. 140-141). Nilikha at pinanday mismo ng taumbayan ang mga artifakt mula sa malayong nakaraan.

Isa ang pamanang bayan sa mga halimbawa ng paksang tumutuon sa mismong bayan at mamamayan. Gayumpaman, sa kaso ng papel na ito, hindi rin maiiwasan talagang maipasok ang usaping estado-sa-estado at/o nasyon-sa-nasyon lalo pa’t patungkol ito sa krusiyal na ugnayan ng *pinagmulang lunan* (Pilipinas) at *kinasapitang lunan* (Pransiya at Estados Unidos). May tinatawag na *diplomacy through artifacts* o *art repatriation* at/o *restitution* (Drieënhuizen,

2024, p. 251), isang kulturang diplomatiko kung saan nagkakaroon ng negosasyon ang dalawa at/o higit pang mga bansa sa pagbili, pagsauli, pagsusubasta, at pagpapalitan ng mga pamanang bayan (artifakt) (Koehler, 2007; Cuno, 2014; Lenzerini, 2016).

Ito ang kasalukuyan kong agam-agam sa mga Pilipinong pamanang bayan na nagkanlong sa MDL at AMNH at posible pang sa mga naglalakihan at “pamosong” museo.

2. Gunita

Sa wika ni Villan (2017), ang gunita ay isang “alaalang iniwan ng mga ninuno dulot ng pinaniwalaang mayroong bisa at gahum (p. 282).” Mapag-aalab pa lalo ang gunita na mayroong kaugnayan sa pamanang-lahi bilang sisidlan ng pakikipag-ugnayan ng mga ninuno at kasalukuyang buhay. Sa diwa ng gunitang bayan, nakapaloob ang pamanang-lahi at/o pamanang bayan na naitatawid at naipapasa sa anyo ng alaala, rekoleksiyon, at/o guning-diwa sa pagitan ng tagapagmana at pinagmanahan (Villan, 2020, p. 248). Kaya’t ito ang halaga ng *subli* at ilang pagtutumbas na sinipi ni Villan (2017) ukol sa *tawid*, *kabilin*, at *fusaka* (p. 247) at sa natutuhan kong *atawir* sa kaisipang Pangasinense.

Bilang pagkilala sa pag-aaral ni Guiwa (2019) hinggil sa alaala (*memory*), kaniyang sinipi ang ideya ni Assmann (1988/1995) hinggil sa *collective memory* na nahahati sa dalawang uri. Ani Assmann (1988/1995), ang *cultural memory* ay isang uri ng gunita o alaala na nakapaloob sa napakalaking puwang na binabalikang panahon kaya’t kinakailangan nito ng mga simbolikong pagpapaalala katulad ng imahen, rebulto, monumento, at iba pang dambana (Assmann, 1988/1995, pp. 125-133 sinipi sa Guiwa, 2019, pp. 253-254).

Samantala, ang *communicative memory* ay tumutukoy sa paggunita sa isang kaganapan at/o bagay na napakalapit sa nililingong panahon o isang yugto ng panahon na marami pang nabubuhay na saksi sa isang kaganapang pangkasaysayan. Gayundin ang ideya ni Nora (1996) hinggil sa *lieux de memoire* na ang bawat simbolo ng gunita ay pedagogikal, sapagkat itinaturo ng mga simbolong ito sa kasalukuyang henerasyon ang saysay ng nakaraan sa anyo ng mga monumento, rebulto, libingan, teksbuk, at museo (pp. 146-147). Sa pamamagitan ng mga *tangible* na yaman, maiiwasan ang *misrecognition* at *historical forgetting* (Guiwa, 2021). Kaya’t mahalaga ang proseso ng aktuwalidad sa mga pamanang bayan na dapat ay nahahawakan, nasisilayan, at/o nadarama.

Ang kawalan ng isang nahahawakan, nasisilayan, at nadaramang bagay ay magkakaroon ng implikasyon upang lumitaw ang maling pagkilala (*misrecognition*) at paglimot (*forgetting*). Tingnan halimbawa, paano magugunita ng isang anak na namatayan ng Amang sundalo habang sanggol pa ito kung wala siyang nakikitang larawan? O baka posibleng lumitaw lamang ang Ama sa guning-diwa batay sa alaala ng pagkukuwento ng kaniyang Ina.

Paano makikilala ang puntod ng isang yumao kung wala at/o hindi ito namamarkahan ng isang lapida o anomang pananda? Gayumpaman, may tinatawag na *functional interchangeability* (Carrara & Soavi, 2010, pp. 423-424), kung saan tinutumbasan ng isang bagay ang isa pa bilang “magkatulad” at/o “halos magkatulad” sa kabila ng kawalan at kakulangang presensiya ng orihinal at malaon ang paglitaw ng “panghalili” para rito. Katulad halimbawa ng ilang kabataang *boyscout* na dadalo sana sa 11th *World Scout Jamboree* sa Greece na namatay sa pagbagsak ng eroplano noong 1963. Walang naitalang nakaligtas sa trahedya kung kaya’t karamihan sa mga naulilang magulang ay naglibing ng mga kabaong, sa halip na mga katawan ang nakalagak, sinilidan na lamang ito ng mga naiwang kagamitan ng yumao bilang bahagi ng pag-alala at paggunita (tingnan Tantuico & Choa, 2016). Ang ganitong konsepto ay mailalapat din sa mga pamanang bayan katulad ng artifakt. Sa kawalan ng aktuwal at birtuwal na larawan, umaasa na lamang ang alaala, rekoleksiyon, at/o guning-diwa sa niremodipikang simbolo—i.e. replika at kopya (Carrara & Soavi, 2010).

3. Emosyon

Magkaugnay ang gunita at emosyon. Sa maagang dalumat ni Covar (1993) hinggil sa estruktura ng pagkataong Pilipino, kaniyang ipinanukalang “sa mukha nasasalamín ang samot-saring karanasan at salamin ang mukha ng damdamin at kalooban ng pagkataong nililok ng kulturang karanasan (p. 81).” Gayumpaman, matagal nang inalpasan at/o pinaunlad ng ilang pag-aaral ang mukha bilang luklukan ng samot-saring emosyon. Bagama’t posibleng sabihing ipinakilala at/o pinagyayaman pa rin sa talastasang Pilipino ang *emotion studies* ng Kanluran (Stearns & Stearns, 1985; Plamper, 2015; Frevert & Pahl, 2023), may ilang Pilipinong iskolar na rin ang umambag sa nasabing larangan (Mojares, 1976; Salazar, 1981/2011; Sabanpan-Yu, 2008; Taduran, 2012; Petras, 2013; Wani-Obias, 2022, 2025; Tugano & Victoria, 2026).

Isa ang emosyon sa isinilid ni Villan (2017), kasama ng pisikal at mental sa mga kalakasang pumapaloob sa *kusog* na siya namang nagmumula sa *dungan* (p. 284). Kaya’t naniniwala ang pananaliksik na ito na kailangang maidiin na esensiyal ang emosyon sa pag-unawa ng pamanang bayan. Sa *subli* o pagpapasa at/o pagtatawid ng mana, lakip nito ang ekspresiyon ng tumatanggap kung saan nasasalamín ang galak, tuwa, lungkot, at pighati. Posibleng ikinagagalak at/o ikinatuwa ng sinomang pinagpasahan ang pamanang bayan na kaniyang nasilayan. Gayundin, maaari itong ikalungkot ng sinoman lalo pa’t kung para sa kanila, wala itong “halaga” at “talab” sa tumatanggap o di kaya, itinatakwil ang “halaga” at “talab.”

Mahalaga para sa ilang Pilipino ang haptiko at/o okular na karanasan sa mga pamanang bayan. Kaya’t marami sa mga nawalang artifakt sa kasaysayan ng Pilipinas ang tila ipinagluksa sa mahabang panahon at malaon ay ikinatuwa at ikinaluha nang ang ilan sa mga ito ay naibalik sa orihinal nitong lunan. Hitik sa mga ganitong kuwento ang *television show* na

Kapuso mo, Jessica Soho (KMJS). Mula taong 2013 hanggang 2024, nakapag-ere ang nasabing palabas ng ilang artifakt na ninakaw at/o nawala sa mahabang panahon. Kabilang dito ang Señor Sto. Niño de Romblon (2013); Birhen o Nuestra Señora dela Immaculada Concepcion y del Triunfo dela Cruz de Magpangi ng Ozamis City, Misamis Occidental (2017); Tabernakulo ng Negros Oriental (2019); Sto. Niño de Malitbog, Southern Leyte (2020); Sto. Niño ng Floridablanca, Pampanga (2024); at ang panel ng Archdiocesan Shrine of Patrocinio de Maria Santisima ng Boljoon, Cebu (2024). Sa kanilang pagbabalik, maraming umiyak at lumuhang mga deboto. Ang mga replika na may *functional interchangeability* (Carrara & Soavi, 2010) ay pinalitan na ng “orihinal.”

Ito rin ang kinasapitan ng mga Batingaw ng Balangiga (*Balangiga Bells*) na kinuha ng mga Amerikanong sundalo sa kasagsagan ng digmaang Pilipino-Amerikano sa Balangiga, Eastern Samar noong 1901. Noong 2018, naibalik ang mga batingaw sa Pilipinas, kung saan nagdaos pa ng isang “*tearful, joyful ceremony and mass... the bells were welcomed home by emotional but patient and forgiving San Lorenzo de Martir Church parishioners* (Negroponte, 2019).” Ang ganitong penomeno ay maipaliliwanag ng ilang pag-aaral ukol sa emosyon at *affect* o pagtuon sa materyalidad ng katawan (Lünenborg & Maier, 2018).

Dahil likas sa ilang Pilipino ang haptiko at okular na pagpaparanas na pinagtibay ng samot-saring emosyon, kaya’t matagal ko na ring pinaniniwalaan na kailangan ng tatlong pangunahing reporma sa kabuoang aspekto ng museolohiyang Pilipino. Una, dapat isangkot ang taumbayan hindi lamang bilang parokyano at tagatangkilik ng mga museo ngunit tagapagbuo rin. Ikalawa, kailangan magkaroon ng malawakang *repatriation* at/o *restitution* (Drieënhuizen, 2024) sa mga pamanang bayang inalis sa *pinagmulang lunan*. Panghuli, kailangan maging interaktibo at limitahan ang restriksiyon sa mga museo (Tugano, 2022b).

Matagal nang ipinanukala ng ilang pag-aaral ang pagbabagong ito. Halimbawa, ayon kay Adamson (2015), “*museum not as an isolated tower, dedicated to objective knowledge and permanent preservation; but as a platform of informed and subjective exchange, ever-changing. The museum is not a refuge. It is a place to encounter the world in a state of heightened attention* (sinipi sa Santos, 2018, p. 133).” Mahalaga ang *tangible interactions*, katulad ng *cybermuseumology* (Leshchenko, 2015) at gawing kawili-wili ang mga seryosong bagay katulad ng *gamification* (Alter, 2017) (sinipi sa Tugano, 2022b, pp. 130-131). Sa pagkakataong ito, ang pamanang bayan aymabibigyan ng pagpapahalaga na may emosyon at pagpapatingkad sa kaalamang nalalapit sa mismong taumbayan.

INAGAW NA GUNITA: ANG KASO NG IBA PANG MUSEO

May pag-aming wala akong sapat na kasanayan sa museolohiya at iba pang gawain at/o tungkulin ng isang kurador, ngunit sa aking pagbisita sa humigit-kumulang isangdaan

(100) museo sa iba’t ibang panig ng daigdig—Asya, Aprika, Europa, at Australia-Pasipiko, mula 2013 hanggang 2024, sumagi sa aking isipan ang potensiyal na pang-aagaw ng kabanwahang lunan sa mga pamanang bayan na luklukan ng mga gunita. Upang mabigyan ng konteksto ang “pang-aagaw” sa gunita, sa anyo ng mga pamanang bayan, pahapyaw na tatalakayin sa bahaging ito ang ilang kaso ng pagpupuslit ng mga artifakt na kinasangkotan ng bansang Portugal, España, Italya, at Austria.

1. Lisbon, Portugal

Sa aking unang limbag na sanaysay (Tugano, 2022b), nabanggit na sa Europa ko unang napagnilayan ang posibleng kultura ng pagpupuslit at/o pagbili ng mga artifakt sa rehiyon ng Asya at Pasipiko. Halimbawa, nang aking binisita ang Museu Nacional de Arqueologia (MNDA) sa Praça do Império, Lisbon, Portugal (figyur 1) noong 2018, doon nakita ang ilang *sarcophagus* ng Ehipto at mga pigurin at bangang Coptic na nilikha sa panahon ng Romanong Ehipto (dantaon 3 hanggang 4) at Ehiptong Byzantine (dantaon 4 hanggang 7) (Tugano, 2022b, p. 114). Hindi direktang sinasabing mga puslit ang mga nasabing artifakt, ngunit sa ilang babasahin, ipinahahayag na may karanasan ang Portugal sa pagpupuslit ng mga pamanang bayan ng kanilang mga dating kolonya—India (Goa) (1510-1961) (Herald Goa Team, 2022) at Timor Leste (1700-1974) (Lape & Hert, 2011). Sa kaso ng huli, liban sa Portugal, nagpuslit din ang Indonesia ng mga artifakt mula sa Timor Leste nang ito ay kanilang masakop noong 1975 hanggang 1999. Ang mahahalagang yaman ng mga East Timorese ay nakalagak kapwa sa mga museo ng Lisbon at Jakarta (Lape & Hert, 2011, p. 69).

Figyur 1

Museu Nacional de Arqueologia sa Lisbon, Portugal



(kuhang larawan ng may-akda noong Disyembre 2018)

2. Madrid, España

Sa parehong taon, aking nakita sa Madrid, España ang isang artifakt na mula rin sa Ehipto—ang Temple of Debod (figyur 2) na nakatayo sa Parque del Oeste. Ito ay pinaniniwalaang buhat sa rehiyon ng Aswan. Dahil sa renobasyon na pagtatayo ng Aswan High Dam malapit sa Nile, iniregalo na lamang ng Ehipto ang templo sa España noong 1968 at binuksan sa publiko noong 1972 (Tugano, 2022b, p. 118).

Figyur 2

Temple of Debod sa Madrid, España. Mula sa Aswan, Ehipto na dinala sa España noong 1968



(kuhang larawan ng may-akda noong Disyembre 2018)

Samantala, ang Museo de America (MEA) (figyur 3) sa Moncloa-Aravaca, Madrid, ayon kay Juan (2022) ay kakikitaan ng halos 500 artifakt mula sa Pilipinas. Ito ay pinaniniwalaang kinuha noong panahon ng ekspedisyon ni Alejandro Malaspina sa arkipelago noong 1792. Hindi rin nakasaayos ang deskripsiyon ng ilang *bladed weapons* at *headgear* ng mga katutubong Pilipino na kinanlong ng MEA (Juan, 2022). Sinipi rin ni Ongpin-Periquet (2023) na makikita rin sa MEA ang mga aparador na gawa sa salamin at kahoy, *shells*, mga hinabing sombrero at basket, at ang gawa sa garing na Niño Jesus na gumulang ng dantaon 17.

Figyur 3

Museo de America sa Madrid, España. Dito nakalagak ang ilang artifakt na kinuha mula sa Pilipinas noong 1792 Malaspina Expedition



Figyur 4

Biblioteca Nacional de España. Nakalagak dito ang eskulptyur ni Isabelo Tampinco at ilang rare na aklat katulad ng album na tinipon ni Jose Honorato Lozano



(mga kuhanang larawan ng may-akda noong Disyembre 2018)

Nagkanlong din ng mahahalagang pamanang bayang Pilipino ang Biblioteca Nacional de España (BNDE) (figyur 4) sa Paseo de Recoletos, Calle Salamanca, Madrid. Kabilang sa mga nakalagak na pamanang bayan sa BNDE ay ang ilang obra ng dakilang eskulptor na si Isabelo Tampinco na nagwagi sa Exposición General de Filipinas noong 1887. Makikita rin dito ang aklat na *Álbum Vistas de las Yslas Filipinas y Trages de Sus Abitantes* ni Jose Honorato Lozano noong 1847. Naglalaman ito ng iba't ibang tanawing makikita sa Isla ng Pilipinas noong dantaon 19.

3. Milan-Lombardy, Italya

Tag-init ng 2023, aking muling narating ang Europa. Matapos ng paglalakbay sa Pransiya, tumungo ako sa Milan-Lombardy at Roma, Italya. Binisita ang Biblioteca Ambrosiana (figyur 5) sa Piazza Pio XI, Milan. Dito matatagpuan ang isa sa apat na dyornal ni Antonio Pigafetta. May apat na isinulat na manuskrito ang kronikler—tatlo ang naisusulat sa wikang Pranses at isa sa wikang Italyano. Ang Ambrosiana Manuscript ay pinakamahaba sa apat (Ranada, 2019). Binili ng pamahalaang Pilipinas sa Paris ang dalawang manuskrito sa halagang 5,000 piso.

Habang nasa New York ang historyador na si Rene Escalante para sa isang negosasyong maibalik ang mga Batingaw ng Balangiga, tumungo siya sa Yale University upang magkaroon ng isang *high-resolution digital file* ng isa pang dyornal ni Pigafetta na nasa wikang Pranses. Ito ay binayaran ng Pilipinas sa halagang 20,000 piso (Ranada, 2019). Itinuturing na pinakamahal ang Ambrosiana Manuscript dahil nagkakahalaga ito ng 100,000 piso (Ranada, 2019). Kakatwang “binabayaran” ng Pilipinas ang mga talang pumapatungkol sa ating sariling kasaysayan.

Figyur 5

Biblioteca Ambrosiana sa Milan, Italya



(kuhang larawan ng may-akda noong Hunyo 2023)

Hindi nakitaan ang Italya ng mga ipinuslit na pamanang bayan mula sa Pilipinas. Hindi sinakop ng imperyo ang arkipelago at mangilan-ngilan lamang ang mga Italianong nakarating sa Pilipinas noong dantaon 16 hanggang 19. Liban kay Pigafetta, noong dantaon 14, ayon kay Scott (1984), may ilang deskripsiyon ang mga sinaunang Italianong paglalakbay sa mga islang pinagigitnaan ng Saigon at New Guinea. Aniya, posibleng Pilipinas ang namataan ng mga

Italyanong sina Marco Polo (1254-1324) at misyonero at manlalakbay na si Odoric Mattiusi ng Perdenone noong 1318 (Scott, 1984, pp. 81-83).

Nabanggit naman ni Bartholome de Letona (1662) na may ilang presensiya ng mga Italyano sa Maynila (p. 205). Dahil ito nang magkaroon ng kapangyarihan ang España sa Italya partikular na sa Kaharian ng Naples (1503-1714 ng Treaty of Utrecht), Kaharian ng Sicily (1479-1713), Duchy ng Milan (1535-1706), at Kaharian ng Sardinia (1324-1708 at 1717-1720) hanggang sa mangyari ang War of the Spanish Succession (1700–1714), kung saan nailipat sa Austria ang lahat ng teritoryong sinakop ng España sa Italya (Pohlig & Schaich, 2018, pp. 1-27; Storrs, 2018, pp. 131- 132). Gayumpaman, bilang kolonya at teritoryo ng España, nakakapasok sa Pilipinas ang mga Italyanong naninirahan sa mga nasabing kaharian.

Bibihira ang direktang ugnayan ng Italya at Pilipinas hanggang sa pagsapit ng dantaon 19 hanggang 20. Muling lilitaw ang presensiya ng Italya sa kasaysayan ng Pilipinas nang itatag ni Emilio Aguinaldo ang Unang Republika. Naging mersenaryo ni Aguinaldo ang Italyanong si Captain Camillo Ricchardi mula sa pakikipaglaban ng Pilipinas sa kalayaan nito sa España at kalaonan sa Digmaang Pilipino-Amerikano noong 1899 (Hobin, 2016, p. 46).

Dahil sa limitadong engkuwentro ng Pilipinas at Italya, kaya't malabong nagsagawa sila ng pagpupuslit sa mga pamanang bayan ng arkipelago. Higit pa rito, tanging Tsina (Tianjin o Tientsin) lamang ang nasakop ng Italya sa Asya at naganap lamang ito noong una hanggang kalagitnaang bahagi ng dantaon 20. Nakapagpuslit ang Italya ng iba't ibang sinaunang artifakt mula sa Tsina bagaman nagkaroon na ngayon ng malawakang *cultural repatriation o restitution* o pagbabalik at/o pagsasauli ng mga pamanang bayan sa pagitan ng dalawang bansa (Harris, 2019; Wang *et al.*, 2019; Ru, 2024).

4. Vienna, Austria

Samantala, wala akong nakitang mga Pilipinong artifakt sa sentral na bahagi ng Europa katulad ng mga museong narating ko sa Bratislava, Slovakia (Slovak Republic); Brno-South Moravia, Czech Republic; at Budapest, Hungary. Ngunit ayon sa tala, makikita sa Weltmuseum (figyur 6) sa Heldenplatz, Vienna, Austria ang ilang artifakt mula sa Pilipinas. Matatagpuan sa *Insular Southeast Asia Collection* ang 20,000 kagamitan na kinuha mula sa mga Isla ng Nicobar at Andaman, Malaysia, Brunei, Singapore, Indonesia, Timor Leste, at Pilipinas (Weltmuseum Wien, w.tn.)—1,400 sa mga ito ay galing sa Pilipinas. Sa katunayan, nailathala ang ilan sa mga ito sa akdang *Museum of Ethnology Vienna, The Philippines, Early Collections* nina Bohle *et al.* (2009). Hindi katulad ng ilang Imperyo sa Europa na nagkamal ng bultuhang artifakt sa Silangan, itinuon ng imperyo ng Austria (Habsburg Empire) ang pagpapadala sa Asya at Pilipinas ng mga siyentista at naturalista sa pagitan ng dantaon 19 at 20. Kabilang sa mga ito ay sina Baron Richard von Drasche-Wartinberg na naglathala ng *Aus*

dem Suden von Luzon (1876) at Karl Alexander Freiherr von Hügel sa kaniyang *Der Stille Ocean und die spanischen Besitzungen im ostindischen Archipel* (The Pacific Ocean and the Spanish Possessions in the East Indian Archipelago) noong 1860.

Figyur 6

Weltmuseum sa Vienna, Austria



(kuhang larawan ng may-akda noong Hunyo 2023)

Ipinakikita sa bahaging ito ang kasaysayan at proseso ng malawakang pagpupuslit at/o pangangamkam sa mga pamanang bayan patungo sa mga naglalakihang museo ng Europa. Sentral namang tatalakayin sa susunod na bahagi ang dalawang museong kinakitaan din ng mga pamanang bayan mula sa Pilipinas—ang MDL at AMNH. Itutuon ang pagpapaliwanag sa ilang misrepresentasyon at pag-aangkin ng kabanwahang lunan sa mga pamanang bayang ginugunita ng mga Pilipino sa Pransiya at Estados Unidos.

PAGPAPAKILALA AT KASONG PAG-AARAL SA MGA KABANWAHANG LUNAN NG PRANSIYA AT ESTADOS UNIDOS

Upang mabigyan ng kaligirang pangkaalaman ang mga mambabasa, naglaan ako ng isang subseksiyong tatalakay sa maikling kasaysayan ng Musée du Louvre at American Museum of Natural History.

1. Musée du Louvre

Isa ang Musée du Louvre (MDL) (figyur 7) sa mga prominenteng museo sa daigdig. Ito ay matatagpuan sa 1st arrondissement, Paris, Pransiya. Orihinal na naging tahanan ni Haring Louis XIV bago lumipat sa Château de Versailles. Naging sentro ang MDL ng iba't ibang *royal academies* na tumuon sa pagpipinta at eskulpturang namayagpag noong *Age of Enlightenment* (McClellan, 1988, p. 300). Kaya't nang naging operasyonal ang MDL bilang museo noong 1793, naglaman lamang ito ng iilang eksibit. Isang taong nakalipas, nagkaroon ng malawakang pagnanakaw (*looting*) ng mga artifakt at mas tumindi ito hanggang sa panahon ng pananakop ng imperyo ni Napoleon Bonaparte. Sa katunayan, noong panahong nilagdaan ang Treaty of Amiens (1802-1803) bilang tanda ng pagtatapos ng *War of the Second Coalition* sa pagitan ng Pransiya, Espana, at United Kingdom, dinagsa ng mga politiko, manlilikha, at kolektor ang MDL (Hooock, 2007, p. 57). Dito napansin ang mga “nakaw” na eksibit ni Napoleon na bagama't ikinamangha ng ilang bisita, ito rin ay kanilang kinainggitan. Kaya't bilang resulta, noon ding 1803, bumuo rin ang British Museum ng *Department of Antiquities* (Hooock, 2007, p. 57) na marahil nanguna rin sa pangongolekta at pagnanakaw ng mga eksibit (Han, 2023; Ho, 2024).

Figyur 7

Musée du Louvre sa Paris, Pransiya



(kuhang larawan ng may-akda noong Hunyo 2023)

Nagkaroon lamang ng *restitution* sa mga nakaw na artifakt nang ipag-utos ito sa bisa ng Congress of Vienna noong 1815. Ito ay isang kasunduang naglalayon na ibangon ang Europa mula sa mga Napoleonic War at hudyat na rin ng pagtatapos ng imperyo ni Napoleon (Rie, 1950).

Bagama't posibleng kilala ang MDL dahil sa pamosong obra na matatagpuan dito katulad ng *La Gioconda* (The Mona Lisa), hindi lingid sa ating kaalaman na may ilang artifakt mula sa Pilipinas ang matatagpuan dito. Sa ngayon, hindi ako nakasisiguro sa eksaktong bilang ng mga Pilipinong artifakt ang nakalagak doon. Ito ay makikita sa *gallery* ng *The Arts of Africa, Asia, Oceania, and Americas* sa *ground level* ng Denon Wing—kuwarto bilang 400 hanggang 433. Dito rin masisilayan ang iba't ibang artifakt na kinuha mula sa Aprika partikular na sa Mali (*Falaise de Bandiagara* at *Plateau de Bandiagara*), Burkina Faso, Guinee-Bissau (*Archipel des Bissagos*), Guinee, Sierra Leone, Côte d'Ivoire; at Republique du Benin. Katabi nito ang seksiyon para sa mga artifakt mula sa *Micronesie et Polynesie* katulad ng *Iles Carolines*, *Iles Hawaii*, *Iles Marquises*, *Ile de Paques*, *Archipel des Gambier*, at *Iles de la Societe*. Dalawa lamang ang nagmula sa Asya—Pilipinas at Indonesia.

1.1. *Bul-ul* at Representasyon ng Artifakt sa Musée du Louvre

Nasa kuwarto bilang 427 ang *Asie et Océanie. Filippine, nord dell'isola di luzon, ifugao, figura con una ciotola seduta (bulul)*, XV sec. 01 o ang *bul-ul* (figyur 8). Batay sa deskripsiyon, ang *bul-ul* ay gumulang ng dantaong 15 (XVe siècle), gawa sa kahoy ng narra at sinabing nasa koleksiyon noon ni “William Beyer.” Noong 1999, ito ay idinoneyt nina Anne Kerchache at Jacques Kerchache. Ayon sa tala, ang lalaking Kerchache ay nakapaglakbay sa Aprika, Asya, at Amerika (Berthenod, 2003). Bandang dekada 1960 nang magsimulang mangolekta ng mga artifakt si Jacques Kerchache na kaniyang sinimulan sa Benin, Kanlurang Aprika (Nowness, 2011). Sa maikling tala ukol kay Kerchache, binanggit ni Bourgoin (w.tn.), na nangolekta si Kerchache ng mga artifakt sa Timog Silangang Asya.

Figyur 8

‘Bul-ul’ na nasa Room Number 47, Denon Wing sa The Arts of Africa, Asia, Oceania, and Americas



(kuhang larawan ng may-akda sa Paris noong Hunyo 2023)

Liban sa *effigy* ng Jarai sa Vietnam at *chest* ng Batak, Sumatra, nagmay-ari rin si Kerchache ng tatlong artifakt mula sa Pilipinas katulad ng estatuwa ng *bul-ul*, bersiyon nitong *bul-ul* “*cup carrier*” na mula sa Ifugao, at *funerary monument* na mula sa Mindanao (Bourgoin, w.tn.). Tukoy na ang dalawang artifakt mula Kordilyera na inilagag sa MDL at Musée du Quai Branly Jacques Chirac, ngunit hindi pa ang *funerary monument* na nasa kamay noon ni Kerchache. Sa aking palagay, ang *monument* na tinutukoy dito na mula sa Mindanao ay posibleng mga antropomorphikong bangang libingan ng Kulaman Valley sa Lebak, Cotabato (Maceda, 1967) o hindi kaya ang bangang Maitum ng Sarangani (Gatbonton, 1996; Dizon, 1998) dahil ilan lamang ito sa mga pamosong artifakt na matatagpuan sa rehiyon. Wala ring tala ang nakapagsasabi kung kailan nakarating si Kerchache sa Pilipinas, ngunit noong 1991, nang matuklasan ang bangang Maitum, ito rin ang panahong umikot ang nasabing artifact sa *black market* (Tugano, 2022b, p. 124). Hindi sinasabing puslit ang *bul-ul* dulot ng kakulangan sa impormasyon, ngunit nais kong bigyan ng ilang obserbasyon ang deskripsiyong inilapat dito ng pamahalaan ng Louvre.

Figyur 9

Ang Museum Label ng ‘bul-ul’ na Sumunod sa Tinukoy nina Wolf & Smith (1993) na “Legible Museum Label”



(kuhang larawan ng may-akda sa Paris noong Hunyo 2023)

Kapansin-pansin ang artifakt ng *bul-ul* sa MDL. Bagaman hindi ako nakasisiguro kung ilan ang mga Pilipinong artifakt ang nasa pangangasiwa ng MDL, ang *bul-ul* ay maituturing kong *notable artifact*. Gayumpaman, hindi naging maayos ang paglalahad nito sa *museum label*. Habang binanggit nina Parry et al. (2007) na hindi kaaya-ayang ideya sa mga museo ang paglalagay ng mga artifakt na walang *museum label*, ngunit para sa akin, mas hindi kaaya-aya ang mga *factual error*. Malimit ang mga *erroneous museum label* lalo na sa mga *specimen* ng ilang *natural history* (Montanari, 2015). Bagama’t tumupad ang MDL sa ideyal at angkop na *legible museum label* na ayon kina Wolf & Smith (1993) ay nasusukat sa wastong “type face, type size, contrast, spacing between lines, lighting, and installation height (pp. 102-107),” na siyang nakita rin sa *museum label* ng *bul-ul* (figyur 9), mahalaga pa ring pansinin ang *factual error* at *erroneous museum label* nito.

Sa halip na Ifugao, naisusulat ito bilang “Igugao” at “Ifugago.” Gayundin ang “William Beyer” na hindi rin ako nakasisiguro kung wasto o kung ang tinutukoy ba rito ay ang antropologong si Henry Otley Beyer. Nabanggit din ni (Bourgoin, w.tn.) na ang hawak ng *bul-ul*

ay isang tasa (*cup*) gayong ito ay *pamahan* o isang seremonyal na lalagyan na iniuugnay sa bigas. Mas katanggap-tanggap pa kung ito ay tinawag na bilao o sisidlan (*basket*) sapagkat ayon kay Alice Guillermo (1987), kabilang ang mga ito sa *folk artifact* na palaging nababanggit at/o iniuugnay sa mga salaysaying bayan (p. 74). May konotasyon ang *cup* bilang kasangkapan sa pag-inom. Sa akda ni Lambrecht (1932), tinatawag na *ungo't* ang mangkok (*bowl*) (at hindi *cup*) na gawa sa bao ng niyog at ginagamit ng mga Mayawyaw sa pag-inom ng alak at lalagyan ng iniaalay na bigas sa isang ritwal.

Hindi na bago ang ganitong misrepresentasyon sa mga *bul-ul*. Sa websayt ng Tribal Art Asia (2021), tinawag at/o inilarawan bilang *fetish symbol* ang isang artifakt na tila isang bungo at *bul-ul* na nagmistulang hawakan. Bagama't posibleng iniugnay ito sa gawaing seksuwal o pagbubuo ng buhay, hindi ito maaaring itumbas at/o ihanay sa *fetisismo* na may sumasalawang konotasyon. Mahalaga halimbawa sa mga katutubong Ifugao ang ugnayan ng bungo-at-buhay sa paniniwala hinggil sa *bogwa* (Reyes, 2011; Amtalao & Demeterio, 2019). Isa itong pagpupugot ng ulo at ginagawang trofeo ang bungo na inihihiwalay sa laman. Ginagawa ito upang maging malusog ang panganganak ng kababaihan at pagpapatuloy ng buhay at lahi. Samakatuwid, isa itong *ginhawa mula sa patay* (Reyes, 2011, p. 255).

Liban sa mga misrepresentasyon, hindi ko rin iniaalis ang agam-agam na posibleng puslit na artifakt ang *bul-ul* na aking nakita sa Louvre. Marami sa mga *bul-ul* ang umiikot sa merkado (Lara, 2019). Isang halimbawa nito ang isang *bul-ul* na nasa Palais Dorotheum sa Vienna. Ang *bul-ul* na sumukat ng 60x15x15 sentimetro at nilikha noong dantaon 20 ay naging bahagi ng *German Private Collection* ay sinasabing nagkakahalaga ng 1,625 Euro o 1,800 US Dollar (Dorotheum, 2017). May pagbanggit din tungkol kay Alexander Schadenberg na nakakuha ng isang gintong pigurin ng anito ng bigas sa pagitan ng 1881 at 1896. Ito ay nakuha sa Sayuc, Lepanto, Benguet at nasa pangangalaga ng kabanwahang lunan ng Museum of Ethnology sa Vienna, Austria (Philippine Studies at SOAS, 2023).

1.2. Pagpupuslit ng mga Pranses sa Ilang Artifakt ng Pilipinas


Inilatag ni Bascara (1987) sa kaniyang pag-aaral ang pangunahing dahilan ng mga Pranses kung bakit sila naglakbay sa Pasipiko at Pilipinas. Aniya, buhat ito sa pilosopiya nina Guillaume Joseph Le Gentil at Jean-Jacques Rousseau, kung saan naniniwala si Le Gentil sa ideya ng romantismo, kolonyalismo, at ekonomiya kung bakit kailangang maglakbay ng mga Pranses sa malalayong bayan (Bascara, 1987, p. 42). Sinabayan pa ito ng haing solusyon ni Rousseau hinggil sa suliraning kinahaharap ng mga Pranses na iwan panandalian ang “bagong kabihasnan” at yakapin ang buhay ng mga “hindi sibilisado” (*noble sauvage*) (Bascara, 1987, p. 42).

Kaya sa pagitan ng dantaon 18 hanggang 19, maraming mga Pranses ang tumungo sa Pilipinas upang maglakbay. Karamihan sa kanila ay ornitologo, biologo, zoologo, at botaniko (Bascara, 1987, p. 42). Sinipi ng aking pag-aaral (Tugano, 2023a) ang akda ng ilan sa mga manlalakbay na Pranses sa Pilipinas. Kabilang dito ang astronomer na si Le Gentil ng Coutances- Normandy na sumulat ng *Voyage dans les mers de l'Inde* (1779-1781); *La Perouse Around the World in the Years 1785, 1786, 1787, and 1788* ni Jean Francois Galaup de la Perouse (1798) ng Albi; *The Philippine: History, Geography, Customs, Agriculture, Industry and Commerce of the Spanish Colonies in Oceania* ni Jean Mallat (1846/1983); ang tatlong akdang *Vingt Annees Aux Philippines: Souvenirs de Jala-Jala* (1853), *Aventures d'un Gentilhomme Breton aux iles Philippines* (1855), at *Journey to Majayjay* (1862/1983) ni Paul de La Gironiere ng Nantes; *Voyage aux Philippines et en Malaisie* ng naturalistang si Joseph Montano (1886); at *Lucon et Palaouan: Six annees de voyages aux Philippines* ni Antoine Alfred Marche (1887) (sinipi sa Tugano, 2023a, pp. 15-16). Liban sa kanila, nakarating din sa Pilipinas sina Pierre Sonnerat (1776) na nasalamon sa akdang *Voyage à la Nouvelle Guinée*; *Crozet's Voyage to Tasmania, New Zealand, the Ladrone Islands, and the Philippines in the Years 1771– 1772* ni Julien Marie Crozet (2011); *Voyages à Peking, Manille et l'Île de France, faits dans l'intervalle des années 1784 à 1801* ni Chrétien-Louis-Joseph de Guignes (1808); *Journal d'un Voyage en Chine En 1843, 1844, 1845 1846* ni Jules Itier (1848/1999); at *Quinze Ans de Voyages Autour du Monde* (1840/2010) at *Voyages Autour du Monde et Naufrages Célèbres (1842-1845)* (1844) ni Gabriel Lafond de Lurcy (Bascara, 1987, pp. 48-52, 56-58, 64-67).

Figur 10

Kabilang sa mga artifakt na iginuhit at marahil nakuha ni Marche (1887) mula Hilagang Luzon at Marinduque ay ang (A) *Double plat et cuillère en bois des Igorrotes*; (B) *Fétiches trouvés à Pamine-Taan*; (C) *Urnes trouvées dans la grotte de Pamine-Taan*; (D) *Bijoux en or trouvés dans les cercueils de Pamine-Taan*; at (E) *Bracelets en or trouvés dans les cercueils de la grotte de Pamine-Taan* (Marche, 1887, pp. 171, 237-239, 249).





Sa lahat ng aking nabanggit, nais kong pagtuonan ng pansin si Marche (1887) na siyang sinasabing isa sa mga nagsagawa ng maagang paglalakbay at arkeolohiya sa Pilipinas. Bultuhan niyang kinuha at inuwi sa Pransiya ang humigit kumulang 4,000 pirasong artifakt, na ayon kay Ocampo (2024) ay nakalagak ngayon sa Musée de l’Homme. Halos kasabayan ni Marche si Montano (1886) na kilala rin sa pagpupuslit ng mga kulturang materyal, labi ng mga tao (*human remains*) at iba pang artifakt patungo sa Pransiya (National Museum of the Philippines, 2021).

Mayroon ilang artifakt na iginuhit si Marche (1887) sa kaniyang akda (figyur 10) at posibleng ito rin ang mga dinala niya sa Pransiya. Sinipi sa kaniyang kabanatang *Chapitre VIII: Provinces du Nord-ouest de Lucon—Pangasinan, La Union, Ilocos, Chez Les Igorrotes* ang larawan ng dalawang pinggan at/o mangkok at kutsara ng mga Igorot (Marche, 1887, p. 171). Kinomisyon ni Marche ang pamahalaang Pranses upang makapagsimula ng arkeohohikal na gawain sa mga isla ng Catanduanes at Marinduque noong 1881. Makikita ito sa *Chapitre XI: Catanduanes—Retour en Europe* (Marche, 1887, pp. 253-262) at *Chapitre X: L’île de Marinduque* na tinawag bilang “littoral de la province de Tayabas” (Marche, 1887, p. 219).

Ilan sa mga nakuhang artifakt ni Marche ay ang mga anito, at mga urno at/o libingang banga at/o kabaong, kasama ng mga gintong alahas at pulseras sa yungib ng Pamine-Taan (Marche, 1887, pp. 171, 237-239, 249). Ang Pamine-Taan ay kilala ngayon bilang Paminetaan Cave na matatagpuan sa Isla ng Gaspar, na bahagi ng Tres Reyes Islands na sakop ng bayan ng Gasan. Sa pagdating ni Marche (1887) noong huling bahagi ng dantaon 19, ang Gasan (Gazan) ay kabilang na sa bayan ng Marinduque—kasama ng Boac at Santa Cruz de Napo (Santa Cruz) (Santiago & Bolata, 2022, pp. 58, 60).

2. American Museum of Natural History

Kasalukuyang matatagpuan sa Upper West Side ng Manhattan sa New York City, Estados Unidos ang American Museum of Natural History (AMNH) (figyur 11). Bagama't 1861 nang maisipan ng naturalistang si Albert Smith Bickmore na buoin ang konsepto ng museo, pormal naman itong pinasinayaan noong 1869. Sa huling bahagi ng dantaon 19, ang museo ay nagkanlong sa iba't ibang specie ng mga mammal, ibon, reptilya, insekto, at iba pang kaalamang pangkapaligiran ng daigdig.

Sa inalathalang artikulo (WA, 1912), pinagplanohang dagdagan ng gusali ang museo. Kabilang dito ang *east entrance hall* sa Central Park West. Ilalagak dito ang iba't ibang silid katulad ng Geographic Hall, African Hall, Oceanographic Hall, Whale Court, at Ichthyology Hall (WA, 1912, p. 262). Higit na mahalaga ang naging ulat ni Henry Fairfield Osborn noong 1919. Ginunita ni Osborn ang ika-50 taong anibersaryo ng AMNH at sinabing dumarami at/o umunlad na ang museo mula nang ito ay pinagpaplanohan pa lamang sa pagitan ng 1870 hanggang 1875 (Osborn, 1919, p. 477).

Figyur 11

American Museum of Natural History sa New York City, Estados Unidos. Ang main entrance sa Central Park West at ang Theodore Roosevelt Rotunda kung saan matatagpuan ang fossil ng Barosaurus



(kuhang larawan ng may-akda noong Hulyo 2024)

Kapansin-pansing sa kabila ng mga ekspansiyon ng museo, kaniyang itinanghal ang mga “naabot” ng Hilagang Amerika sa mga nagdaang taon. Nabanggit dito ang Pilipinas:

The American Museum has broken away from many old museum traditions and customs and has been constantly striking out along new lines in every branch of its activity. In exploration, while making North America our chief concern, we have reached out into South America, Africa, Asia, and, in certain branches, into Europe itself. **The natural history of our new colonial wards, the Philippines and Puerto Rico, are matters of intimate concern** (akin ang diin) (Osborn, 1919, p. 477).

Kaya’t malinaw ang konotasyon ng siniping pahayag na pinagpaplanohan ng museo na galugarin ang pamanang yaman ng Pilipinas. Nang aking marating ang AMNH noong Hulyo 2024, ito ay nagtataglay ng humigit-kumulang dalawampung (20) gusaling konektado sa isa’t isa. Sa kabuoan, ang AMNH ay binubuo ng apatnaput limang (45) *permanent exhibition halls* katulad ng Biodiversity and Environmental Halls, Birds and Reptiles and Amphibians Halls, Earth and Planetary Sciences Halls, Fossil Halls, Human Origins and Cultural Halls, Mammal Halls, at iba pa (AMNH, w.tn.). Matatagpuan sa ikaapat na palapag ang Ethnology Hall kung nasaan ang tinawagnilang *The Collections from the Philippine Islands* na patuloy na pinupunan noon pang 1909.

2.1 “Philippine Hall” sa AMNH

Sa kabila ng malaking espasyo ng AMNH, mas nagkaroon ako ng interes na marating ang The Philippine Hall (TPH) sa Seksiyon 8 ng ikaapat na palapag ng gusali. Inilaan dito ang tinawag na *Collections from the Philippine Islands*, mula 1909 ang mga pamanang bayang mula sa Pilipinas, kasama ng Malaysia at Java (O’Dowd, 2018). Napunan ng mga artifakt ang nasabing bulwagan dahil sa inisyatiba nina Alfred Louis Kroeber ng University of California, Louis Robert Sullivan, at William A. Sabine (O’Dowd, 2018). Sa pagitan ng taong 1918 hanggang 1934, ang TPH ay nilagyan at isinaayos ni Morris de Camp Crawford ng halos dalawang daang (200) artifakt na tinawag pang “*primitive costumes*” at nagkanlong din ng ibang artifakt mula sa Ehipto, Europa, at Japan at ilang artifakt na nakolekta ni Margaret Mead sa New Guinea (O’Dowd, 2018).

Figyur 12

Mga Pamanang Bayan ng Hanunoo Mangyan sa AMNH



(kuhang larawan ng may-akda noong Hulyo 2024)

Nakita ko sa TPH ang ilang artifakt ng Hanunoo Mangyan (figyur 12) na ayon sa Mapping Philippine Material Culture ng Philippine Studies at SOAS (w.tn.) ay nasa superbisyon at responsibilidad ni Harold C. Conklin ng Departamento ng Antropolohiya sa Yale University. Ito ay binubuo ng 600 pirasong artifakt na kinolekta noong dekada 1950 hanggang 1960 (MPMCPS-SOAS, w.tn.). Hindi lamang sa AMNH makakikita ng mga artifakt ng mga Mangyan sa Estados Unidos. Mayroon din sa U.S. Library of Congress (USLC), Washington D.C. o Thomas Jefferson Building. Malapit ang bulwagang ito sa pamosong U.S. Capitol (figyur 13). Gayumpaman, hindi ko personal na nakita sa USLC, partikular sa Asian Division's Southeast Asian Rare Book Collection ang tinukoy nilang 71 *bamboo slats* at 6 na *cylinder*—mga artifakt na naglalaman at/o nauukitan ng mga *surat Mangyan* (Kueh *et al.*, 2022).

Figyur 13

U.S. Capitol sa Washington D.C., Estados Unidos



(kuhang larawan ng may- akda noong Hulyo 2024)

Ang mga nasabing artifakt ay bunga ng pagbisita ni Fletcher Gardner sa Bulalacao, Mindoro noong 1904 hanggang 1905 (Kueh *et al.*, 2022). Liban pa rito, tampok din sa mga koleksiyon ang sulatin ng tatlong Mangyan na awtor—Luyon, Kabal, at Balik, kabilang na ang naisatitik na pamumuhay ng mga Mangyan sa ilalim ng kolonyalismong Español; kalagayan ng edukasyon, agrikultura, *stages of life*; at ilang *ambahan* (Kueh *et al.*, 2022). Liban sa Estados Unidos, nagkanlong din ang Pitt Rivers Museum sa University of Oxford, Inglatera ng ilang artifakt ng mga Mangyan—partikular na ang *Mangyan Belly Rocks* na nakuha ng entomologong si Edward Ross ng Army Malaria Survey Unit sa Mindoro noong 1945 (Rosales, w.tn.).

Nasa superbisyon din ni Conklin ang mga artifakt mula sa Ifugao (figyur 14) (MPMCPS-SOAS, w.tn.). Karaniwang makikita sa koleksiyon ang ilang banga, palayok, *bul-ul*, palay, at iba pang kagamitang agrikultural. Ilan lamang ito sa mga artifakt na pinunan nina Frederick Starr na nangalap ng 900 kagamitan mula sa Hilagang Luzon at Mindanao; 2,000 kay Laura Watson Benedict na mula sa Kamindanawan; at 600 kay Conklin mula sa Mindoro at Ifugao (MPMCPS-SOAS w.tn.). Liban sa kagamitang agrikultural, naglagak at nagkanlong din ang TPH ng ilang pagpapahalaga sa Ibaloy, Ifugao, I'uwak, Kalanguya, Kankanaey, at Karao ng Kordilyera, kabilang ang mga hinabing kumot (*blanket*), *ikat blanket*, at *loincloth* na hinabi ng kababaihang Isinay mula sa Dupax, Aritao, at Bambang sa hilagang kailugan ng Magat (MPMCPS-SOAS w.tn.). Kapansin-pansin din ang mga tela (*textiles*) mula sa Ifugao na kung tawagin ay *inladdang* (figyur 15).

Liban sa AMNH, may ilang artifakt din mula sa Ifugao ang matatagpuan sa iba pang museo ng Estados Unidos katulad ng Metropolitan Museum of Arts sa New York City at Asian Art Museum sa San Francisco, California.

Figyur 14


Mga pamanang bayan ng Kordilyera sa AMNH



(kuhang larawan ng may-akda noong Hulyo 2024)

Figyur 15

inladdang ng mga Ifugao sa AMNH



Narito rin ang mga artifakt na mula sa mga Bagobo (figyur 16). Sa katunayan, ang mga Bagobo ay may pinakamaraming artifakt sa TPH-AMNH. Naitala at masinsing kinatalogo nina Laura Watson Benedict at Lisa Whitall ang halos 140 kagamitan ng mga Bagobo (hanayan 2) (MPMCPS-SOAS, w.tn.). Kabilang ang mga Bagobo (Library of Congress, 1904) kasama ng mga Suyoc (Buangan, 2004/2012) at Bontoc (Afable, 2004/2012) sa mga grupong naging bahagi ng St. Louis Exposition na ginanap sa Estados Unidos noong 1904. Sa kabuoan, may 10,000 kagamitan mula sa Pilipinas ang matatagpuan sa AMNH. Itinuturing ito bilang isa sa tatlong museo na nagkanlong sa mga pamanang bayan na labas sa Pilipinas. Liban sa AMNH, kasama rito ang Smithsonian National Museum of Natural History sa Washington D.C. at Field Museum of Natural History sa Chicago, Illinois (MPMCPS-SOAS, w.tn.) kung nasaan ang Ginintuang Imahen ng Tara.

Figyur 16.
Kagamitan ng mga Bagobo sa AMNH



(kuhang larawan ng may-akda noong Hulyo 2024)

Batay sa ilang tala, nakitaan din ng ilang artifakt ng mga Bagobo ang mga museong katulad ng Metropolitan Museum of Arts sa New York City, Peabody Museum of Archaeology and Ethnology sa Harvard, at University of Pennsylvania Museum of Archaeology and Anthropology. Gayundin, lahat ng mga artifakt katulad ng sandata, kagamitang agrikultural, at iba pa ay naging bahagi rin ng St. Louis Exposition.

Hanayan 2

Pamanang bayan na nasa AMNH. Kapansin-pansin na halos lahat ay pagmamay-ari ng mga Bagobo. Batay ito sa pagtatala at katalog ni Laura Watson Benedict o kung minsan ni Lisa Whitall

pamanang bayan	Identifier	lumikha at/o gumamit ng pamanang bayan	taon ng akwisisyon ng AMNH
salugboy (woman’s sash or scarf)	701.1/5486	Bagobo	walang datos
boy’s saroar, trousers	70.1/ 5305	Tagabawa	1910
man’s saroar, trousers	70.1/ 5304	Bagobo	1910
man’s saroar, trousers	70.1/ 5303	Bagobo	1910

pamanang bayan	Identifier	lumikha at/o gumamit ng pamanang bayan	taon ng akwisisyon ng AMNH
man’s saroar, trousers	70.1/ 5302	Bagobo	1910
man’s saroar, trousers	70.1/ 5301	Bagobo	1910
man’s saroar, trousers	70.1/ 5300	Bagobo	1910
man’s saroar, trousers	70.1/ 5299	Bagobo	1910
man’s saroar, trousers	70.1/ 5298	Bagobo	1910
man’s (unfinished) saroar, trousers	70.1/ 5297	Bagobo	1910
man’s or boy’s saroar, trousers	70.1/ 5296	Bagobo	1910
man’s saroar, trousers	70.1/ 5295	Bagobo	1910
man’s saroar, trousers	70.1/ 5294	Bagobo	1910
man’s saroar, trousers	70.1/ 5293	Bagobo	1910
man’s saroar, trousers	70.1/ 5292	Bagobo	1910
man’s saroar, trousers	70.1/ 5291	Bagobo	1910
man’s saroar, trousers	70.1/ 5290	Bagobo	1910
small discs of mother-of-pearl (string)	70.1/ 5289	Bagobo	1910
man’s umpac ca mama, jacket	70.1/ 5288	Bagobo	1910
man’s umpac ca mama, shirtwaist	70.1/ 5287	Tagacola	1910
man’s umpac ca mama, jacket	70.1/ 5271	Bagobo	1910
rice carrier	70.1/ 5126	Bagobo	1909
rice planting stick	70.1/ 5124	Bagobo	1909
inabul, textile	70.1/ 5123	Bagobo	1909
woman’s panapisan, skirt	70.1/ 5122	Bagobo	1909
warrior’s headcloth, tankulu	70.1/ 5121	Bagobo Digos	1909
man’s saroar, trousers	70.1/ 5120	Bagobo	1909
man’s cabir, bag	70.1/ 5119	Bagobo	1909
tassle of wooden beads	70.1/ 5114	Bagobo	1909
woman’s tooth brush	70.1/ 5112	Bagobo	1909
six bells on chain	70.1/ 5108	Bagobo	1909

pamanang bayan	Identifier	lumikha at/o gumamit ng pamanang bayan	taon ng akwisisyon ng AMNH
brass arm band	70.1/ 5101	Bagobo	1909
brass arm band	70.1/ 5099	Bagobo	1909
brass arm band	70.1/ 5098	Bagobo	1909
small knife in rattan sheath	70.1/ 5091 B	Bagobo	1909
earrings	70.1/ 5088 A	Bagobo	1909
blanket	70.1/ 3308	Bagobo	1905
wooden knife scabbard	70.1/ 3200	Bagobo	1905
spear	70.1/ 239 A	Bagobo and Allied	1905
double lime box	70.1/ 238	Bagobo and Allied	1905
double lime box	70.1/ 237	Bagobo and Allied	1905
lime box	70.1/ 236	Bagobo and Allied	1905
ferrules	70.1/ 235	Bagobo and Allied	1905
abaca fiber	70.1/ 234	Bagobo and Allied	1905
abaca fiber	70.1/ 233	Bagobo and Allied	1905
small basket, pouch	70.1/ 232	Bagobo and Allied	1905
small basket, pouch	70.1/ 231	Bagobo and Allied	1905
small tube	70.1/ 230 B	Bagobo and Allied	1905
incised bamboo tube	70.1/ 229 B	Bagobo and Allied	1905
incised bamboo tube	70.1/ 229 A	Bagobo and Allied	1905

pamanang bayan	Identifier	lumikha at/o gumamit ng pamanang bayan	taon ng akwisisyon ng AMNH
blacksmith’s bamboo tempering	70.1/ 228	Bagobo and Allied	1905
trough			
basket	70.1/ 227	Bagobo and Allied	1905
basket	70.1/ 225	Bagobo and Allied	1905
small carrying bag	70.1/ 224	Bagobo and Allied	1905
small carrying bag	70.1/ 219	Bagobo and Allied	1905
small carrying bag	70.1/ 218	Bagobo and Allied	1905
small carrying bag	70.1/ 217	Bagobo and Allied	1905
woman’s small side beaded basket	70.1/ 215	Bagobo and Allied	1905
woman’s small side beaded basket	70.1/ 214	Bagobo and Allied	1905
woman’s small side beaded basket	70.1/ 212	Bagobo and Allied	1905
woman’s small side beaded basket	70.1/ 211	Bagobo and Allied	1905
woman’s small side basket	70.1/ 210	Bagobo and Allied	1905
woman’s small side basket	70.1/ 209	Bagobo and Allied	1905
small woven basket	70.1/ 208 A	Bagobo and Allied	1905
woman’s small knife	70.1/ 199	Bagobo and Allied	1905

pamanang bayan	Identifier	lumikha at/o gumamit ng pamanang bayan	taon ng akwisisyon ng AMNH
man’s knife with scabbard	70.1/ 197 B	Bagobo and Allied	1905
man’s knife scabbard	70.1/ 195 B	Bagobo and Allied	1905
man’s short knife	70.1/ 195 A	Bagobo and Allied	1905
man’s knife	70.1/ 194	Bagobo and Allied	1905
man’s long knife and scabbard	70.1/ 193 B	Bagobo and Allied	1905
man’s long knife and scabbard	70.1/ 193 A	Bagobo and Allied	1905
shell pendant	70.1/ 191	Bagobo and Allied	1905
bunch of charms	70.1/ 190	Bagobo and Allied	1905
cup-like instrument with handle	70.1/ 189	Bagobo and Allied	1905
cluster small metal bells	70.1/ 188	Bagobo and Allied	1905
spiral finger rings	70.1/ 187	Bagobo and Allied	1905
armlets, one bell armlet	70.1/ 185	Bagobo and Allied	1905
armlets	70.1/ 179	Bagobo and Allied	1905
armlets	70.1/ 178	Bagobo and Allied	1905
beaded strings (girdles)	70.1/ 173	Bagobo and Allied	1905
beaded strings (girdles)	70.1/ 172	Bagobo and Allied	1905

pamanang bayan	Identifier	lumikha at/o gumamit ng pamanang bayan	taon ng akwisisyon ng AMNH
beaded strings (girdles)	70.1/ 170	Bagobo and Allied	1905
woman’s skirt, panapisian	70.1/ 101	Bagobo and Allied	1905
beaded necklace	70.1/ 164	Bagobo and Allied	1905
necklace	70.1/ 167	Bagobo and Allied	1905
beaded necklace	70.1/ 166	Bagobo and Allied	1905
beaded necklace	70.1/ 159	Bagobo and Allied	1905
tooth brush	70.1/ 156	Bagobo and Allied	1905
hair plume	70.1/ 151	Bagobo and Allied	1905
beaded woman’s comb	70.1/ 150	Bagobo and Allied	1905
beaded band	70.1/ 148	Bagobo and Allied	1905
beaded vegetable fibers band	70.1/ 147 B	Bagobo and Allied	1905
many wound vegetable fiber leglets	70.1/ 144	Bagobo and Allied	1905
man’s ear plugs	70.1/ 143 B	Bagobo and Allied	1905
man’s ear plugs	70.1/ 143 A	Bagobo and Allied	1905
woman’s ear plugs (pair) with pendants	70.1/ 142	Bagobo and Allied	1905
woman’s ear plugs (pair) with	70.1/ 142	Bagobo and Allied	1905

pamanang bayan	Identifier	lumikha at/o gumamit ng pamanang bayan	taon ng akwisisyon ng AMNH
pendants			
woman’s ear plugs (pair) with	70.1/ 142	Bagobo and Allied	1905
pendants			
woman’s ear plugs (pair) with	70.1/ 141	Bagobo and Allied	1905
pendants			
woman’s ear plugs (pair) with	70.1/ 140	Bagobo and Allied	1905
pendants			
woman’s ear plugs (pair) with	70.1/ 139	Bagobo and Allied	1905
pendants			
woman’s ear plugs (pair) with	70.1/ 138	Bagobo and Allied	1905
pendants			
woman’s ear plugs (pair) with	70.1/ 136	Bagobo and Allied	1905
pendants			
covered pouch	70.1/ 135	Bagobo and Allied	1905
l-ne, textile strip	70.1/ 133	Bagobo and Allied	1905
suning, man’s bag	70.1/ 132	Bagobo and Allied	1905
bag	70.1/ 129	Bagobo and Allied	1905
akos, girdle	70.1/ 125	Bagobo and Allied	1905
tutub, headcloth	70.1/ 123	Bagobo and Allied	1905

pamanang bayan	<i>Identifier</i>	lumikha at/o gumamit ng pamanang bayan	taon ng akwisisyon ng AMNH
tutub, headcloth	70.1/ 122	Bagobo and Allied	1905
tankulu, man's warrior's headcloth	70.1/ 120	Bagobo and Allied	1905
tankulu, man's warrior's headcloth	70.1/ 119	Bagobo and Allied	1905
man's carrying bag, cabir	70.1/ 118	Bagobo and Allied	1905
man's carrying bag, cabir	70.1/ 116	Bagobo and Allied	1905
man's carrying bag, cabir	70.1/ 115	Bagobo and Allied	1905
man's carrying bag, cabir	70.1/ 114	Bagobo and Allied	1905
man's carrying bag, cabir	70.1/ 113	Bagobo and Allied	1905
man's carrying bag, cabir	70.1/ 112	Bagobo and Allied	1905
man's carrying bag, cabir	70.1/ 110	Bagobo and Allied	1905
skirt woman's, sonod	70.1/ 108	Bagobo and Allied	1905
skirt woman's, sonod	70.1/ 107	Bagobo and Allied	1905
textile strip: lne	70.1/ 106	Bagobo and Allied	1905
skirt woman's, panapisian	70.1/ 103	Bagobo and Allied	1905
cloth: textile strip, inabul	70.1/ 105	Bagobo and Allied	1905
skirt (unsewn), probably was a "sonod"	70.1/ 100	Bagobo and Allied	1905

pamanang bayan	Identifier	lumikha at/o gumamit ng pamanang bayan	taon ng akwisisyon ng AMNH
trousers man’s, saroar	70.1/ 98	Bagobo and Allied	1905
trousers man’s, saroar	70.1/ 93	Bagobo and Allied	1905
trousers man’s, saroar	70.1/ 92	Bagobo and Allied	1905
trousers boy’s, saroar	70.1/ 91	Bagobo and Allied	1905
trousers man’s, saroar	70.1/ 90	Bagobo and Allied	1905
shirtwaist, umpac culaman	70.1/ 89	Bagobo and Allied	1905
shirtwaist, umpac culaman	70.1/ 88	Bagobo and Allied	1905
jacket woman’s	70.1/ 87	Bagobo and Allied	1905
jacket man’s, umpac ca mama	70.1/ 84	Bagobo and Allied	1905
jacket man’s, umpac ca mama	70.1/ 83	Bagobo and Allied	1905
shirtwaist woman’s, umpac ca bayen	70.1/ 81	Bagobo and Allied	1905
shirtwaist woman’s, umpac ca baye	70.1/ 80	Bagobo and Allied	1905
jacket man’s, umpac ca mama	70.1/ 79	Bagobo and Allied	1905
tubes	70.1/3102	walang datos	1905
tubes	70.1/3101	walang datos	1905

(Isinaayos ng may-akda batay sa datos ng Mapping Philippine Material Culture ng Philippine Studies at SOAS, w.tn.)

2.2 Pagpupuslit ng mga Amerikano sa Ilang Artifakt ng Pilipinas

Ipinagpalagay ng mga imperyalistang Amerikano na naging “mabunga” ang kanilang paglalakbay sa Pilipinas. Hindi lamang ang layuning kolonyalismo at imperyalismo ang dahilan ng kanilang pagpasok sa arkipelago, ngunit bitbit din nila ang kagustuhang makita ang lagay ng mga katutubo bilang “exotiko.” Kaya’t naging mahalaga sa panahong ito ang paglalathala ng mga *travelogues* o *travel book* (Jose, 2021, pp. 75-77) at *travel narratives* (Vergara, 1995, pp. 76-77) na may elemento ng diskursong kolonyal. Ang mga Amerikano (Tugano, 2023a, pp. 17-20), katulad ng mga Pranses (Bascara, 1987) ay naglakbay sa Pilipinas bilang mga naturalista, siyentista, zoolohista, botanista, at iba pa.

Mahalagang sipiin sa bahaging ito ang akdang pangmanlalakbay ng mga historyador na sina Pagunsan (2023) at Jose (2023) na kapwa nagkaroon ng obserbasyon sa museong kanilang nakita at/o sinasaliksik sa Estados Unidos. Binigyang-diin ni Pagunsan (2023) ang Field Museum sa Chicago na naglalaman ng mga *specimen*, dokumento, at ilang artifakt na kinuha ng mga Amerikano mula sa Pilipinas na aniya, umabot ng sampung libong materyal (p. 307). Ayon din sa kaniya, bago pa man ang 1893 Chicago Fair, nagkaroon ng ekspedisyon sa Pilipinas si Joseph Steere noong 1876 at 1877, kung saan nakakuha ang kaniyang grupo ng iba’t ibang *specimen*. Mag-aaral ni Steere si Dean Worcester na nagsagawa rin ng ekspedisyon noong 1890 hanggang 1893. Ang mga *specimen* na nakuha ni Steere ay kasalukuyang nakalagak bilang koleksiyon ng University of Michigan (Pagunsan, 2023, pp. 307-308). Ang mga koleksiyong larawan at papel ni Worcester o Dean Worcester Photographic Collection sa University of Michigan ay sinaliksik at nakita rin ni Jose (2023) sa kaniyang paglalakbay (p. 322).

Maraming Amerikano ang nagpuslit ng mga artifakt at iba pang yamang kultural mula sa Pilipinas. Una na rito ang binanggit na si Worcester; kasunod sina Henry Otley Beyer; Ales Hrdlicka ng Smithsonian’ U.S. National Museum na nangolekta ng labi ng tao, kabilang na ang utak ng ilang Pilipino (Dungca & Healy, 2023); Carl Eugen Guthe na nagdala ng libo-libong artifakt patungo sa University of Michigan dulot ng kaniyang paglalakbay sa Pilipinas mula 1922 hanggang 1925 (Sinopoli, 2013, p. 1); at gayundin ang Gintong Imahe ng Agusan o ang Golden Tara na nagpalipat-lipat ng kinaroroonan hanggang sa mapunta ito sa pangangalaga ng Field Museum sa Chicago. Karamihan sa mga ito ay dumadaan sa petisyong *repatriation* ng pamahalaang Pilipinas.

Nauna naman nang sinuri ni Calderon-Hayhow (1994) ang pagpapalitang ito ng mga artifakt kaugnay ng St. Louis Exposition. Nang kaniyang pinuntahan ang Liverpool Museum sa Inglatera, natukoy niyang ang ilan sa mga artifakt ay naging bahagi ng pagpapalitan (*artifact exchange*) noong 1904 ng Louisiana Purchase Exposition (LPE) at AMNH (p. 73). Ang LPE ay nagbigay sa AMNH ng 55 artifakt mula sa West Africa at Tibet. Bilang kapalit, ipinagkaloob

noong 1905 hanggang 1907 ng AMNH sa LPE ang ilang busto mula Amerika at Pilipinas, kabilang ang mga ipinuslit na pamanang bayan mula sa mga Bontoc, Igorot, Kalinga, Ibaloi, Tagbanua, Mandaya, Tagakaola, B'laan, at Tiruray (Calderon-Hayhow, 1994, pp. 73-74, 76). Ibig sabihin, katulad ng malawakang *material culture looting* at/o pagnanakaw at pagpupuslit na suliranin ng ibang lipunan (Coggins, 1969; Solheim, 1973; Kirkpatrick, 1992; O'Keefe, 1997; Schick, 1998; Toner, 2002; Brodie & Renfrew, 2005; Waxman, 2008; Gruber, 2013 sinipi sa Tugano, 2022b, pp. 116-118), naranasan din ito ng mga Pilipino.

Sinipi sa aking naunang pag-aaral (Tugano, 2022b) ang ilang kaso—*i.e.* (1) pagkuha ng mga Amerikano noong 1907 hanggang 1910 sa mga blusang B'laan at adornong nilikha mula sa perlas; (2) pilak na hikaw sa Horniman Museum of Arts sa London at ang *backpack* na nilikha noong 1850 ng mga Igorot na ngayon ay nagkakanlong sa British Museum; at ang isang kutsara sa Rautenstrauch-Joest Museum sa Cologne, Germany (Sta. Romana-Cruz, 2021); (3) mga bangang ninakaw mula sa Sta. Cruz Shipwreck sa Zambales kasama ng ilang seramiko at bangang nilikha pa noong Dinastiyang Ming (1485 hanggang 1508 MK) (Araneta, 2002); at (4) ang bangang Maitum na natuklasan sa Maitum, Sarangani noong 1991 na pinaniniwalaang umikot sa *black market* (sinipi sa Tugano, 2022b, pp. 123-124).

Ang malawakang pagkawala, pagpupuslit, at/o pagnanakaw sa mga pamanang bayan mula sa Pilipinas ang itinuturing kong “pag-agaw sa gunita” ng mga Pilipino. Bagama't may tinatawag na *functional interchangeability* (Carrara & Soavi, 2010) kung saan nagiging posible ang paggunita sa mga pamanang bayan sa anyo ng mga replika, paano ito matatawag na gunita kung lumilitaw pa rin ang orihinal sa kabanwahang lunan? Ginugunita ang isang yumaong kaanak at/o alagang hayop sa anyo ng mga larawan at lapida dahil hindi na kailanman babalik ang kanilang katawang-tao at/o katawang-hayop. Ganito rin ang paggunita natin sa mga makasaysayang kaganapan sa anyo ng mga dambana, monumento, at museo sapagkat hindi na maaaring ulitin ang isang aktuwal na kaganapang pangkasaysayan. Ngunit, paano magugunita at bakit ginugunita halimbawa ang Golden Tara sa Pambansang Museo sa Pilipinas, sa anyo ng isang replika, kung ang orihinal nito ay nasa Field Museum sa Chicago? Kaya't dito na maaaring maipasok ang tinatawag kong “diplomasya ng emosyon.”

DIPLOMASYA NG EMOSYON

Sa kabila na ang taumbayan ay silang lumikha at/o luminang sa mga pamanang bayan at mayroong matibay na paglublob sa gunita, limitado naman ang kanilang kapangyarihan upang maibalik, mapanatili, at/o mabawi ang mga “inagaw na gunita.” Ito ay kontrolado lamang ng mga institusyong kumikilos upang maisakatuparan ang ganoong pagbabalik, pagpapanatili, at/o pagbawi sa mga pamanang bayan.

Kasabay ng pag-iral ng mga araling nakatuon sa emosyon (*emotion studies* at *affect studies*) (Tolia-Kelly et al., 2017; Lünenborg & Maier, 2018; Yusoff et al., 2019; Fforde et al., 2022a, 2022b), nailapat halimbawa ni Broomhall (2019) ang konsepto ng *diplomatic emotions* sa usapin ng pamanang bayan. Ang mga *restitution* sa mga ninakaw na pamanang bayan ay kalimitang idinadaan sa *international adjudication* at *civil litigation* (Liu, 2016, pp. 55-111) at iba pang negosasyon (van Beurden, 2017), na kung tutuosin ay maaaring itawid sa tinatawag na *diplomatic emotions* (Broomhall, 2019). Ipinahihiwatig nito ang halaga ng emosyon na nasasalamín sa mga performatibong kultura, ritwal, espasyo, at teksto at sa paghugpong nito sa usaping diplomasya (*diplomatic studies*) at pandaigdigang politika (*international politics*). Tinumbasan ito ni Parowicz (2025) bilang *heritage diplomacy* at Symank (2024) bilang *object diplomacy*. Para naman kay Graham (2014), ang *public diplomacy* ay maaaring hubugin ng emosyon bilang konteksto ng komunikasyon at pakikipag-ugnayan na malaon ay magdadala sa estado ng inklusiyon at tiyak na pagkakakilanlan (p. 524).

Sinusugan din ito nina Holmes & Yarhi-Milo (2017) na nagpanukalang ang simpatiya (*sympathy*) ay nakaaapekto sa mga resulta ng anomang diplomatikong negosasyon. Sa dalawang pag-aaral nina Fforde et al. (2022a, 2022b), kanilang hinalimbawa ang pagnanakaw sa ilang Indigenous Ancestral Remains. Binigyang-diin ang emosyon bilang isang “erya ng *repatriation studies*” na kailangang mabigyan ng pansin sa kritikal na pagsusuri (Fforde et al., 2022b, p. 67). Sinipi sa pag-aaral ang karanasan ng mga First Nations sa Hawai’i, hinggil sa sikolohikal na pinsalang dulot ng pagnanakaw at paglapastangan sa mga sagradong libingan (*desecration*). Naniniwala ang mga katutubo na isang “pinsala” ang malabag ang kanilang *kaumaha* (emosyonal, espirituwal, at pisikal na pinsala) at *mana* (espirituwal na kakanyahan at kapangyarihan) (Fforde et al., 2022b, pp. 69, 71). Ang hugpungan ng emosyon at *repatriation* ay makalilikha ng katarungang panlipunan, pagkakasundo, kabutihang-kultural, at kapayapaan (Fforde et al., 2022b, p. 80).

Ito ang isa sa mga hindi gaanong naaninag sa usaping diplomasya sa Pilipinas. Kasabay ng pag-iral ng *Area Studies* bilang epekto ng Cold War sa pagpapaligsahan ng mga makapangyarihang bansa sa daigdig, naparalisa sa ilang pagkakataon ang halaga at tinig ng taumbayan. Lalo pa’t ang mga bansa ngayon lalo na ang Timog Silangang Asya ay dumaraan sa *grouping* at *regrouping*—i.e. *ASEAN Enlargement*, mas magiging krusiyal at mapanghamon ang layuning mabawi ang halaga at diwa ng malayong nakaraan. Dagdag pa rito ang “kawalan ng hanggahan at ugnayan” kahit na pinalalawig ang rehiyong ASEAN—i.e. pagtanggap ng mga kasaping bansang “malayo sa geograpikal at kultural na ugnayan” (Tugano, 2025, p. 69). Kaya’t pawang tumuon ang ugnayang panlabas sa usaping nasyon-sa-nasyon at/o estado-sa-estado na hindi gaanong naisasaalang-alang ang implikasyon nito sa mismong mga mamamayan (Navarro, 2015). Kaya’t pomosisyon ang *Araling Kabanwahan* (Navarro, 2012) bilang tunay na

Araling Pang- Erya sapagkat palagi nitong hinahanap ang saysay ng mga ugnayan ng Pilipinas at iba at/o kaugnay na bayan at kabihasnan.

Sa mga bansa katulad ng Pilipinas na inihahanap bilang Ikatlong Daigdig o *Global South* ay dumaan sa mahabang proseso ng kolonisasyon, neokolonisasyon, at malaon pa nga ay dekolonisasyon. Kaya't habang nagkakaroon ng politikal na *grouping* at *regrouping* ang mga dating kolonya, posibleng magamit ang “diplomasya ng emosyon” bilang paraan ng pakikipagkapwa at sama-samang pagbawi sa mga pamanang bayang nilipol ng mga nangandayuhan at nagdala nito sa kani-kanilang mga imperyo. Litaw ang katotohanang empirikal nito sa ilang naglalakihang museo ng Europa at Estados Unidos na nagkanlong sa mga pamanang bayan ng kanilang mga dating kolonya. Sa tuwing nagaganap ang *cultural repatriation*, kung para sa ibang panig [katulad ng mga dayuhan], ang akwisisyon sa mga artifakt ay isang paraan ng pangongolekta (*collecting*), para naman sa mga katutubo, paraan ito ng pagnanakaw at *desecration* (Fforde *et al.*, 2022b, p. 69).

Nagamit ang emosyon kapwa sa pagkawala at pagnanasang maibalik ang mga nawalang gunita at pamanang bayan. Isang halimbawa ang ilang artifakt ng sinaunang Kaharian ng Benin (bahagi ng Nigeria) na nakalagak sa British Museum. Ang akwisisyon nito ay dulot ng isang *punitive expedition* ng mga Briton noong 1897 na ayon sa historyador na si Chika Okeke-Agulu ng Department of Arts and Archaeology sa Princeton University ay isang *economic enterprise* (Vox, 2020). Ang pagnanakaw ng mga Briton sa nasabing pamanang bayan ng Nigeria ay nagbunga kay Agulu ng emosyong kasiyahan at galit:

Being in the presence of these magnificent objects and knowing that I had to travel all the way from Nigeria to see these objects for the first time. It was a **mixture of pride** at the achievements of these ancient artists. **And anger. Mixed with a sense of loss**, at what could have been if I only had to travel a few hundred miles. But at this point, you're limited to those privileged like me who could get a visa to travel all the way from Nigeria to England to encounter these objects. **Most Nigerians will never see them** (akin ang mga diin) (Vox, 2020).

Bilang kabanwahang pag-uugnay, maaaring ilapat ang *cultural sympathy* ng mga Pilipino na katulad ng mga Nigerian ay ninakawan din ng mga pamanang bayan. Kakatwang kinakailangan pangmagbayad ng libo-libong piso upang makita sa mga “prestihiyosong” museo sa daigdig para lamang makita at masilip ang mga pamanang bayan na dapat ay nasa lunan ng mga Pilipino. May kalinawan na rin naman ang tindig ng pamahalaan sa pagpapahalaga ng mga pamanang bayan. Mula nang lagdaan noong 1974 ang Presidential Decree No. 374 o Cultural Properties Preservation and Protection Act, isinusulong nito na pangalagaan ang mga pamanang yaman at parusahan ang sinomang lalapastangan at magpupuslit sa mga ito sa *black market*. Gayumpaman, kailangan nang paalpasin ang pagkilos ng pamahalaan sa pagbawi ng mga pamanang yaman na nasa kabanwahang lunan.

Ang emosyon sa mga nawawalang pamanang bayang Pilipino ay nasalamin pa rin hanggang sa kasalukuyan. Bagama't hindi mga artifakt na nawala at "ipinuslit" ng mga dayuhan, maganda rin maipasok dito ang mga nabanggit nang sagrado at banal na rebulto na misteryosong nawala at nakabalik sa orihinal nitong lunan. Halimbawa nang makabalik ang Señor Sto. Niño de Romblon (2013), maririnig sa taumbayan ang mga katagang "*super saya at umiiyak sa sobrang kaligayahan*" at "*nangingilabot ang aking mga balahibo*" (Jricerra, 2013); ang pagbabalik ng Birhen o Nuestra Señora dela Immaculada Concepcion y del Triunfo dela Cruz de Magpangi ng Ozamis City, Misamis Occidental o "Birhen sa Cotta" (2017) ay naringgan ng mga emosyonal na katagang "*ang tagal na nawala dito, ngayong bumalik na happing-happy talaga kami*" at "*a dream come true*" (GMA Public Affairs, 2017); ang pagbabalik ng Sto. Niño de Malitbog, Southern Leyte (2020) ay nagdaos ng *motorcade* na may nag-iiyakang mga deboto habang isinasayaw ang mga replika ng Sto. Niño (GMA Public Affairs, 2020); ang pagbabalik ng Sto. Niño ng Floridablanca, Pampanga (2024) na naringgan din ng ganitong mga pahayag "*tuwang-tuwa, kinakalibutan ako*" at ang umiiyak na pagsambit: "*madumi siya, for too long, napabayaan siya, yun yung nakita ko siya, parang saan ka ba kasi nilagay, bakit ganyan ang hitsura mo, bakit parang napabayaan siya*" (GMA Public Affairs, 2024); at ang pagbabalik ng panel ng Archdiocesan Shrine of Patrocinio de Maria Santisima ng Boljoon, Cebu (2024) kung saan nang mailabas ang mga ito mula sa lalagyan, naging emosyonal ang mga Boljooanon (GMA Public Affairs, 2025).

